Galit si Kuya Alejandro-hindi lang basta galit, kundi naglalagablab. At sa bawat hakbang pababa, mas lalo akong nilamon ng takot sa kung ano ang naghihintay sa akin pag uwi.

Bumaba kami ng hagdan. Ako kamay ni Eros sa likod ko, Hindi yun hawak kundi hipo..paulit ulit dumudulas ang kamay Niya malapit na sa pang upo ko.

Sa baba, nakatayo na ang lahat-si Tito Azrael, si Atlas, ang mga tauhan na naka-alert pa rin, at si kuya Alejandro na parang walang pakealam sa paligid, sakin lang nag paningin niya, galit sa gitna ng sala.

Pagkababa namin, hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit kay Kuya ako agad lumapit.

Galit siya-ramdam ko iyon. Pero sa kabila ng galit niya, mas naramdaman ko ang seguridad sa kanya kaysa kay Eros, na tila kayang Kaya niya lang akong ipasa o ipahiram sa kakambal niya na parang isang bagay lang.

Mabilis niyang kinulong sa pagitan ng dalawang palad niya ang pisngi ko, walang pakialam kung sino ang nakakakita. Pinagmasdan niya ang mukha ko-mata, labi, At nang mapansin niyang nanginginig ang labi ko, unti-unting dumilim ang mukha niya.

Umigting ang panga niya nang titigan niyang mabuti. Nakita niya ang lahat-' 'yung namumula na labi ko mula sa sapilitang halik ni Eros kanina..

"Sabrina..." sabi ni Tito Azrael nang kalmado, boses na parang pang-alo pero may paalala.

"Sumama ka muna sa Kuya mo. Next week naman na ang kasal niyo ni Eros."
Hindi ako lumingon. Hindi ko magawang tumingin kahit kanino.

"O-opo..."Napipilitan kong sagot.. Ramdam ko na lalong humigpit ang hawak ni Kuya Alejandro sa kamay ko-

"Aalis na kami.."paalam ni Kuya alejandro..

Hinila niya ako palayo diretso palabas ng mansion nila.

"K-kuya..."

Napalingon siya sa akin nang marinig niya ang tawag ko. Madilim ang mga mata niya-puno ng galit..

"Y-yung bag ko..." natatakot kong sabi ko, boses na halos bulong na, habang hawak ko pa rin ang damit ko na gusot-gusot.

Tumigil siya saglit. Tumingin siya sa akin nang matagal, mata niya dumaan sa mukha ko pababa sa leeg ko, sa labi ko, sa kamay ko na nanginginig. Parang sinusukat niya kung ano pa ang natira sa akin pagkatapos ng lahat.

Napatingin siya sa bag ko na nasa sala nila Eros. Siya na mismo ang lumapit at kinuha iyon, saka marahan akong hinawakan sa kamay.

Ngunit maya-maya, narinig kong nagsalita si Tito Azrael.

"Hindi n'yo ba hihintayin muna ang ate Anastasia mo?" tanong niya.

"Magbabakasyon sila rito ng ilang araw para maka-attend sa kasal ng little sister mo."

Nakangisi si Tito Azrael habang sinasabi iyon-parang sadyang pinagdiinan ang salitang little sister kay Kuya Alejandro.

"Hindi na.." sagot naman ni kuya..

Hinila niya ako ulit, mas mahigpit na ngayon, palabas ng gate ng mansion nila Eros.
Paglabas namin sa mansion. Binuksan niya agad ang pinto sa passenger side, hinintay akong sumakay nang walang salita. Sumakay ako nang dahan-dahan, nanginginig pa rin ang buong katawan ko.

Pagkasara ng pinto, umandar na ang kotse. Tahimik. Pero nararamdaman ko 'yung bigat ng galit niya sa akin kahit nakatingin siya sa daan.

Sa wakas, pagkalipas ng ilang minuto nagsalita siya..

""“You’ve been such a naughty little sister… testing me. I need to make sure you never forget who’s in charge, I wonder… what lesson will make sure you never cross me again?”

Hindi ako sumagot agad. Nakayuko lang ako.

"Sabihin mo nga sa akin...Sabrina.." dagdag niya, kamay niya mahigpit sa manibela. "Ano'ng ginawa ni Eros sa'yo doon?"

Natigilan ako. Hindi ko alam kung sasabihin ko ba ang lahat-'yung halik ni Eros, 'yung haplos ni Ismael, 'yung takot ko.

"K-kuya..." bulong ko, boses na basag.

“Alejandro… Sabrina… Alejandro! Haven’t you learned yet? Say my name. Not ‘Kuya.’ Say it properly… or else.” ..."
Tumingin siya sa akin nang saglit, mata niya mas lumalim pa ang dilim may pagbabanta doon.

"Say my name..," utos niya, pero 'yung tono niya... hindi na lambing. May galit pa rin.

"Dahil mula ngayon... Yan na ang itatawag mo sakin..Hindi tayo magkapatid sabrina."

Alanganin nalang akong napatango..

"A-alejandro..A-ayokong magpakasal kay Eros, Kuya" bulong ko sa gitna ng hikbi, boses na halos hindi na lumalabas sa lalamunan ko.

"Natatakot ako... lalo na kay Ismael."
Hindi ko na napigilan. Ang mga salita na pinipigilan ko kanina, Umiiyak na talaga ako nang walang tigil, Hawak ko pa rin ang gilid ng upuan nang mahigpit, parang doon lang ako nakakakuha ng lakas para magsalita.

“You will not marry him,” Alejandro said, every word dripping with seriousness—and something darker beneath it.

Napatingin ako sa kanya, pinunasan na ang luha.

"Pero... pero next week na raw ang kasal, Kuya. Sabi ni Tito Azrael...."

The car stopped at the side of the road.

Alejandro stared at me, his gaze sharp, and then spoke again.

“Only me, Sabrina… Marriage, huh? Hmp… Fine. Then we’ll get married—right now.”

I stared at him, stunned.

Tapos mayamaya napailing..

“Hindi… hindi tayo puwede ikasal. Legal na akong na-adopt nila mommy at daddy...kuya.”

34

Good afternoon.

Iyon ang unang sinabi ni Atty. Reyes nang pumasok kami sa opisina niya Dito Kami dumiretcho pag kagaling kila eros. Matandang lalaki na, Yung uri ng abogado na alam mong nakakita na ng lahat—mga sikreto ng mayayaman, mga kasinungalingan ng pamilya, mga pag-ibig na dapat hindi umiiral.

Nakaupo kami sa harap niya.

Tumitig muna kay Alejandro, tapos sa akin si atty. Reyes..

“Good afternoon, Alejandro Montenegro. Natanggap ko na yung letter ng secretary mo… papunta sana ako sa opisina mo ngayon, pero since nandito ka na… dito ko na ipapaliwanag ang lahat. Alam ko na hindi madali 'tong usapan na 'to. Pero diretso na tayo. Walang paligoy-ligoy.

He took a deep breath.

“The woman you want to marry… is legally your adoptive sister. If you push through with it, the marriage is prohibited and void under the law. But if you really want it, there is one way—rare, complicated, and full of risks… but it could become possible for you two. Are you ready to face that, Alejandro?”

Malamig na tumitig si Alejandro sa attorney..." Explain mo, Attorney. Bakit hindi pwede. Inampon lang siya. Hindi kami blood-related.

Tumango, walang emosyon...."Alam ko po 'yon, Sir. Pero hindi dugo ang basehan ng batas dito. Basehan po ay ang legal relationship na nilikha ng adoption. Tingnan niyo po ang Article 38, paragraph 7 ng Family Code:
Between an adopted child and a legitimate child of the adopter.
Direktang binabawal 'yan. Void from the beginning ang marriage niyo kung susubukan niyo. Kahit magpakasal pa kayo sa Las Vegas, sa simbahan, kahit sa harap ng pari na magpapala sa inyo—sa Pilipinas, walang bisa 'yon. Walang conjugal property. Walang spousal rights. Walang inheritance bilang asawa. At kung magka-anak kayo... komplikado pa lalo ang status nila..."

Tumingin siya sa akin. Nag iisip..

"Sabrina, ikaw ang adopted. Ikaw ang may karapatang mag-file ng revocation kung gusto mo. Pero kailangan may grave grounds—abuse, abandonment, sexual assault, o seryosong failure to support. Hindi pwedeng "gusto ko lang mag-asawa ng kapatid ko" ang rason. Hindi papayag ang korte. At kung malaman nila ang totoong dahilan... maaaring mas masira pa ang adoption niyo, pero hindi sa paraang magiging legal kayo..."Sabi pa ng attorney..

Tahimik ako. Ramdam ko ang kamay ni Alejandro sa hita ko, hinigpitan ang hawak.

Kinilabutan ako sa possibleng pwedeng gawin ni Kuya, para lang mapakasalan ako.. hindi naman niya siguro ako *gagahasain*..

" So ano ang mas possible na solution, Attorney? Na maghanap ako ng iba? Na hayaan ko siyang magpakasal sa iba..."tanong ni Alejandro.. seryoso na .

"Hindi ko po sinasabi 'yon. Sinasabi ko lang ang katotohanan ng batas. Ano ang gagawin niyo sa katotohanang 'yon... desisyon niyo na 'yan. Pero kung tutuloy kayo sa landas na 'yan, maghanda kayo. Magiging lihim 'to habang buhay. O kaya... lalaban kayo sa sistema. Revocation, foreign marriage, cohabitation na walang papel. Pero lahat ng 'yan may presyo..."

Mayamaya..

“Pwede ko bang makita ang official court order na may selyo ng Korte? 'Yong tunay na dokumento na nagpapakita nang legal adoption ni Miss Sabrina..”..

Napailing si Alejandro. Mabilis, walang pag-aalinlangan.

“Nasa Dad ko 'yon.”

“Kailangan ko 'yon para ma-verify. Kung totoong legally adopted na siya—kung walang legal adoption na nangyari, walang papel—walang sibling relationship sa mata ng batas. Pwede kayong magpakasal nang walang Article 38(7) na humaharang.”

Napasinghap ako..

Bigla akong napatingin kay Alejandro. Parang may kakaibang liwanag sa mata niya—parang nakakita na siya ng solusyon.

Pero mayamaya ay may tinanong pa siyang isang bagay na nagpakaba sakin..

“Paano kung gahasain ko na lang siya, sexual assault pwede na Yun maging valid reason para mag petition siya sa Korte?" Balewala nitong tanong na yan.

Nanlaki ang mata ko. Hindi na ako makahinga nang maayos. Ramdam ko ang dugo sa tenga ko, ang bilis ng tibok ng puso ko na parang sasabog.

"Kung gagawin ko 'yon... pwede na siyang mag-file ng rescission ng adoption. Sexual violence. Grounds under RA 11642. Mawawala ang legal sibling status. Tapos pwede na kaming magpakasal nang walang Article 38(7)..”

“K-kuya... ano ba 'yang sinasabi mo? "

“Bakit hindi? Kung kailangan nating sirain ang adoption para maging akin ka... bakit hindi gamitin 'yong pinakamadilim na paraan? Ikaw mismo ang magpe-petition. Ikaw ang magsasabi sa korte: 'Sexual assault ng kapatid ko.' Mawawala ang adoption. Mawawala ang bawal.."

Natigilan ang attorney.. tumikhim
“Oo, sexual assault o violence ay valid ground para sa rescission ng adoption—kung talagang nangyari. Pwede kang mag-petition, Sabrina, under Section 19 ng RA 8552 at RA 11642. Kung mapatunayan na may sexual violence na ginawa ang adopter o ng miyembro ng adoptive family (kahit adoptive sibling sa context ng abuse), maaaring ma-rescind ang adoption. Mawawala ang legal filiation. Pwede na kayong mag-asawa legally pagkatapos.”

Pumikit ako sandali. Parang gusto kong maglaho.

“Pero huwag mong lokohin ang sarili mo, Alejandro. Makukulong Ka..Reclusion perpetua. Walang

parole sa qualified rape cases. Kahit maimpluwensya kayo, kahit may pera kayo, kahit may connections kayo sa korte o pulis—rape ay hindi mabubura. Pero dapat may Sapat na ebidensya medical records, CCTV o witness..” nakatingin siya sakin habang sinasabi yun Parang tinuturuan ako kung sakaling gawin nga iyon ni Alejandro..

“Hindi ko gagawin ‘yon,” sabi ni Kuya Alejandro nang diretso, titig na titig siya malamig, determinado, walang pag-aalinlangan.

“Hindi ako papayag na iwanan ka kay Eros o kahit kanino pa.”

Mayamaya, napangisi siya—

“Let’s go,” sabi niya sabay hablot sa kamay ko nang mahigpit. Hinila niya ako palabas ng opisina nung attorney, pero hindi pa kami nakakaalis nang tuluyan. Tumigil siya sa harap ko, hawak pa rin ang kamay ko na parang hindi na bibitawan kahit kailan.

“Hindi ka magpapakasal kay Eros,” dagdag niya nang mababa, boses na puno ng katiyakan.

"Umuwi na tayo.."

Hawak pa rin niya ang kamay ko nang mahigpit—parang kadena na hindi na niya bibitawan kahit kailan.

Ang init ng palad niya ay dumadaloy sa buong pulso ko.

Pagkaandar ulit ng kotse, tahimik muna. Pero nararamdaman ko ‘yung bigat ng galit niya sa akin kahit nakatingin siya sa daan.

Maya-maya, nagsalita siya—boses na mababa, kontrolado, pero may galit na pinipigilan sa ilalim.

“Kailangan pa kitang parusahan dahil sa pag-alis mo ng walang paalam.”

Natigilan ako.

Takot na takot ako sa parusang sinasabi niya. Hindi ko alam kung ano—pero alam kong hindi ‘yon basta sermon o grounding.

Hindi ‘yon basta “wag kang aalis ulit.” May mas malalim, mas personal, mas nakakatakot kung iisipin.

“K-Kuya…” bulong ko, boses na nanginginig.

“Ano’ng… ano’ng parusa ko?”
Hindi agad siya sumagot

Hindi siya agad sumagot.

Ang katahimikan ay humaba sa pagitan namin, makapal at mabigat, tanging ang mahinang ugong ng makina ng kotse at ang hindi pantay kong paghinga ang pumuputol dito.

Then he spoke—low, calm, almost gentle, but every word felt like it carried weight.

“You’ll open that mouth of yours, Sabrina…
and you’ll accept me completely.”

I stared at him innocently, eyes wide and confused, still processing what he just said.

“Huh?”

He let out a dark, humorless chuckle, thumb pressing hard enough on the back of my hand to leave a faint mark.

“You heard me, baby.”
His eyes flicked to my lips, then lower, lingering like he was already picturing it.

“No more tears to save you.
When we get home, that mouth is mine."

*Anong klaseng punishment Yun?*Gulong Gulo kong sabi sa sarili ko..

35

Nakaupo ako ngayon sa kama niya, andito ako ngayon sa kwarto niya—

Umalis lang siya saglit—

Napalibot ang tingin ko sa kwarto ni Kuya Alejandro.

Ganun pa rin katulad ng dati… pero may kakaibang pakiramdam na hindi ko maipaliwanag.

Hanggang ngayon, iniisip ko pa rin ‘yung punishment na sinasabi niya.

Kinakabahan ako nang todo. Hindi ko alam kung ano talaga ‘yung ibig niyang sabihin sa *“open that mouth and accept me completely*,” pero alam kong hindi ‘yon basta salita.

Maya-maya, napatingin ako sa salamin—‘yung malaking full-length mirror na nakaharap sa kama. Nakita ko ang reflection ko..

Naiiyak na hinaplos ko ang mukha ko, dahan-dahan, parang sinusuri kung totoo pa rin ba ‘yung mukha na nakikita ko. Lalo na ang labi ko—hinaplos ko nang marahan, pero parang nasusunog pa rin ‘yung pakiramdam. Kanina, nung iwanan ako ni Eros kasama si Ismael, hinalikan din ako nun ng sapilitan. Mas malala pa. Hindi lang halik ‘yon—hinipuan niya ako.

Hinawakan niya ang leeg ko, hinila pababa ang damit ko, hinawakan ang dibdib ko nang walang pahintulot, habang pinipilit niya ang labi niya sa akin. Parang gusto niyang tikman lahat ng parte ko bago pa bumalik si Eros...

Kaya ganun nalang ang iyak ko kanina Hindi lang takot—hiya, galit, at ‘yung pakiramdam na parang marumi na ako, na parang hindi na ako ‘yung dating ako.

Na tatlong lalaki na agad ang nakahawak sakin..

Hinaplos ko ulit ang labi ko, pero luha ko tumulo nang mas mabilis. Parang bawat haplos ko ay nagpapaalala ng mga nangyari ang halik ni Eros, ang sapilitan ni Ismael sa kwarto, at ngayon… ang parusa na hinihintay ko mula kay Kuya Alejandro.

Mayamaya, pumasok si Kuya Alejandro sa kwarto. Sa likod niya, dalawang maid ang sumunod. Tahimik silang naglakad papasok, pero agad kong napansin ‘yung kakaibang titig ng isa sa kanila. ‘Yung uri ng tingin na hindi basta usisero—may halong pagka-amuse, pagka-curious, at parang alam nila kung bakit ako nandito sa kwarto ni Kuya..

Napayuko ako agad. Nakaramdam ako ng hiya.. Parang lahat ng kahihiyan na naramdaman ko kanina

sa mansion nina Eros ay biglang bumalik nang doble.

Ipinatong nila ang mga pagkain sa maliit na lamesita sa gilid ng kwarto—‘yung round table na dati ko pa nakikita dito. May steak na may sauce, mashed potato, steamed vegetables, isang bowl ng soup, fresh fruits, may rice din at sinigang na hipon at dalawang basong tubig. Amoy na amoy ang mainit na pagkain, at kahit gutom na gutom ako, hindi ko agad magawang gumalaw.

Pagkatapos nilang ayusin, yumuko sila nang bahagya kay Kuya Alejandro bago lumabas nang tahimik. Sumara ang pinto nang mahina, at naiwan ulit kami dalawa.

Hindi ko maiwasang makaramdam ng… saya?

Kasi ‘yung parusa ni kuya na Kanina ko pa niisip— *“open your mouth and accept me completely*”—biglang nagbago ang ibig sabihin sa isip ko.

Hindi pala ‘yon yung klaseng parusa na nakakatakot talaga.

Kaya pala “open my mouth”…
Kakain lang kami.
Kakain lang.
Walang iba.

Simpleng pagkain lang, at biglang humupa ang kaba ko.

Napatingin ako sa pagkain, saka sa kanya. Nakaupo na siya sa kabilang gilid ng lamesita, hawak ang kutsilyo at fork na parang wala lang nangyari.

“Kumain na tayo..,” sabi niya..

Sumunod ako..

Kinuha ko ang kutsara nang dahan-dahan, pero nanginginig pa rin ang kamay ko. Kinuha ko ang soup muna—mainit, malasa, parang comfort food na bigla kong kailangan. Habang kumakain ako nang tahimik, nararamdaman ko pa rin ‘yung titig niya.

Hindi siya kumakain agad. Tinitingnan lang niya ako—‘yung paraan ko nang pagkain..

Matapos namin kumain, bigla siyang naghubad.

Walang pasabi, walang pag-aalinlangan—hinubad niya ang itim na shirt na suot niya, inihagis sa upuan sa sulok ng kwarto nang walang pakialam. Napaiwas ako agad ng tingin, pero hindi ko maiwasan mahagip ang katawan niya sa peripheral vision ko.

Malapad ang balikat, makisig ang dibdib, at ‘yung abs niya… mas gumanda pa lalo, parang eskultura na hindi na nagbago mula noong una kong makita. Pero ngayon, mas marami nang tattoo—mas makapal, mas madilim, mas marahas ang dating.

Mga simbolo, linya, at mga pattern na sumasakop sa dibdib, balikat, at pababa sa tiyan. Para na talaga siyang pinabatang daddy Asmodeus—gwapo, nakakatakot, malakas ang dating at puno ng pangako ng bawal na bagay..

Napansin niya ang tingin ko. Ngumiti siya—

Lumapit siya sa kama, umupo sa tabi ko nang malapit na malapit.

“Look at me, Sabrina,” sabi niya nang mababa, boses na parang utos pero may lambing na pilit.

Kabado man, tumingin pa rin ako. Hindi ko kayang tumanggi sa titig niya—madilim, intense, parang nakikita niya lahat ng iniisip ko.

Hinawakan niya ang kamay ko nang mahigpit, dinala sa dibdib niya—sa gitna ng tattoo na doon, nakakatakot tignan. Iniwan niya ang kamay ko doon, hinayaan akong maramdaman ang tibok ng puso niya—mabilis, malakas, parang tambol..

Hinahaplos ko nang dahan-dahan ang tattoo niya, daliri ko sumusunod sa linya pababa… pababa… hanggang sa makarating sa V-line niya, ‘yung matigas na linya na pababa sa baywang.

Hindi ko alam kung bakit hindi ko maalis ang kamay ko.

Maya-maya, hinawakan niya ulit ang kamay ko—

“Let’s take a bath,” sabi niya nang mahina..

Bigla akong namutla.
Natakot.
Puso ko tumitibok nang mabilis na parang sasabog na, habang ang malamig na pawis ay unti-unting tumutulo sa likod ng leeg ko. Hindi ko maintindihan kung bakit ganito ako makaramdam ngayon—parang may hindi tama, parang may binabalak siya..

Pero nang marinig ko ang mahinang katok sa pinto, biglang may huminga ako nang malalim. Parang may biglang may bumukas na liwanag sa gitna ng kadiliman.

"Young Master," sabi ng pamilyar na boses ng katulong mula sa labas, mababa at maingat.

"Dumating na po ang Daddy at Mommy niyo. Pinapatawag po kayo sa office ni Master Asmodeus."

Sa isang iglap, napansin ko ang pagbabago sa mukha ni Alejandro.
Ang dating malamig at mapang-akit na tingin niya... biglang nagbago.

Sumimangot siya.

Hindi 'yung simpleng iritang ekspresyon Ang mga mata niya..nangdidilim.

K-kuya...

Bigla akong napaupo nang maayos sa kama, parang nataranta. Hindi ko na kaya 'yung titig na 'yon.

"K-kuya... balik na ako sa kwarto ko..."
Mahina kong bulong.

Pero hindi siya gumalaw.
Nanatili lang siyang nakatayo roon, malapit sa pinto, mga kamay naka-kuyom sa gilid. Ang hangin sa kwarto biglang naging mabigat—parang may invisible na pader na lumalaki sa pagitan namin.

Hindi ko na alam kung ano'ng sasabihin ko.

Napaisip ako bigla..

Bakit umuwi agad sila mommy?
Akala ko two weeks sila mawawala..
Pero ngayon... pang-dalawang araw pa lang.
Parang may emergency.

Mayamaya tumingin Ito sakin..

"Go back to your room, Sabrina.."

THIRD POV..

Pumasok si Alejandro sa opisina ni Asmodeus nang walang katok—diretso, walang pag-aalinlangan..

Nakatitig lang si Asmodeus sa kanya mula sa malaking leather chair sa likod ng desk. Walang galit sa mukha niya, walang gulat—puro malamig na pagmamasid, tulad ng demonyong naghihintay lang na magsalita ang kanyang anak.

Sa tabi niya nakaupo si Zamara, mukha niya basa sa luha..

“Alejandro…” simula ni Zamara, boses na halos hindi na lumalabas dahil sa hagulgol.

“Bakit si Sabrina pa…?”
Napabaling si Alejandro sa ina niya. Matigas ang tingin niya, walang pagsisisi.

“Bakit, Mom? Hindi kami magkapatid. Walang masama doon.”

“Walang masama?!” Sumabog ang boses ni Zamara. Tumayo siya nang mabilis, luha pa rin tumutulo pero galit na ang nangingibabaw.

“Little sister mo si Sabrina! Inampon natin siya! Tinuring na kapamilya! Paano mo masasabing walang masama?!”

Tahimik si Asmodeus. Hindi pa rin siya gumagalaw, nakatitig lang sa anak niya na parang sinusukat ang bawat salita.

''Asmodeus… may alam ka ba dito?” tanong ni Zamara sa asawa, boses na puno ng paninisi.

Hindi sumagot si Asmodeus. Nanatili ang titig niya kay Alejandro—walang emosyon, walang depensa. Sa katahimikan na yun Parang alam na ni Zamara ang sagot..

Bigla, isang malakas na sampal ang tumama sa pisngi ni Asmodeus.

“Bakit hinayaan mong mangyari ito, Asmodeus?!” sigaw ni Zamara, kamay niya nanginginig pa rin mula sa sampal.

“Ama ka! Ama ka dapat! Kung hindi pa ako tinext ni Sienna tungkol kay Alejandro at Sabrina, hindi ko pa malalaman! Hindi ko pa malalaman na ang anak natin… ang anak natin…!”
Hindi niya maituloy ang sasabihin dahil anak parin niya si Alejandro, tumitig siya Dito mata niya puno ng sakit at galit.

“Hanggang saan na ba kayo umabot?!”
"Na-nagalaw mo naba si Sabrina!? Nahihirapang tanong ni Zamara..

Tahimik muna si Alejandro. Tumingin siya sa ina, pagkatapos sa ama, pagkatapos bumalik sa ina. Walang luha sa mata niya, walang panghihinayang.

I love her, Mom, Dad — not as a sister… but as a woman.." sagot niya nang diretso, boses na kalmado pero puno ng katiyakan.

“ALEJANDRO!!?!” halos sumigaw ulit si Zamara.

Si Asmodeus, sa wakas, nagsalita. Mababa ang boses niya, pero sapat na para mapatigil ang lahat.

“Zamara.”

hinawakan niya ang balikat nito nang mahina pero matatag. Hindi niya tiningnan si Alejandro nang diretso—naka-focus pa rin sa mukha ng asawa.

“I didn’t let it happen. I’ve known for a long time. But I didn’t stop it because… I also know what he feels.”
Napatingin si Zamara sa asawa, parang hindi makapaniwala.

“Ano… ano’ng sinasabi mo?”

Asmodeus tumingin na kay Alejandro—sa wakas.

“Manang-mana ka sa ama mo!”
Galit na sigaw ni Zamara bago tumayo at mariing isara ang pinto ng opisina.

Umalingawngaw ang tunog niyon sa buong silid, na para bang may iniwang tensyon sa hangin.

Naiwan sina Asmodeus at Alejandro.
Tahimik.
Mabigat.
Nagkatitigan ang mag-ama — parehong matalim ang mga mata, parehong hindi basta-basta nagpapatalo.

“May I ask you something…” Asmodeus said, his voice cold and controlled.

“Did anything happen between you and Sabrina?”

Alejandro didn’t blink. His jaw tightened for a brief moment before he slowly shook his head.

One second passed.

Two.

Pagkatapos ay tumango si Asmodeus, tila may kinumpirmang bagay sa isip.

“Pupunta ka ng Europe bukas,” utos niya, walang bahid ng pag-aalinlangan. “Ikaw muna ang mag-aasikaso ng negosyo natin doon. Isang linggo.”

“Dad—”

“Alejandro.” Mas bumigat ang tono ng kanyang ama. Isang babala. Isang paalala kung sino ang mas may kapangyarihan.

“Gawin mo ang sinabi ko.”
Tumitig siya kay alejandro, sapat para maramdaman ni Alejandro ang awtoridad sa bawat salita.

“Huwag mong sisirain ang tiwala ko sa’yo.”

Tahimik na napatitig si Alejandro—

36

Kinabukasan…

Abala ang lahat sa mansion. Pabalik-balik ang mga kasambahay, may inaayos na mga bulaklak at dekorasyon. Para bang may handaan o malaking okasyong magaganap.

Lumapit si Mommy Zamara sa akin, may kakaibang ngiti sa labi.

“Halika, Sabrina. Binilhan kita ng damit. Iyon ang isuot mo mamaya.”
Hindi na niya ako hinintay magsalita. Marahan niya akong hinila patungo sa kwarto ko.

“Mommy, bakit po parang busy ang lahat?” mahinahon kong tanong.

Hindi siya sumagot.

Pagpasok namin sa loob, pinaupo niya ako sa harap ng salamin. Dahan-dahan niya akong sinuklayan, maingat ang bawat hagod ng suklay sa buhok ko.

“Darating din ang ate mong si Anastasia mamaya,” saad niya matapos ang ilang sandali.

Napangiti ako.

Kilala ko si Ate Anastasia. Siya ang panganay na anak nila Mommy at Daddy.
Sa tatlong taon ko sa piling nila… isang beses ko pa lang siyang nakita.

Napakaganda niya.
At napakabait.

“Para sa’yo ito, Sabrina,” marahang sabi ni Mommy Zamara, pero may bigat ang bawat salita.

“Ang mangyayari mamayang pamamanhikan nila Tito Azrael… para sa’yo iyon, ha.”

Parang may malamig na tubig na ibinuhos sa akin.

Bigla akong namutla.

“M-mommy… ayoko pong magpakasal kay Eros…” naiiyak kong sabi, halos pabulong.

Umiling si Mommy.

“Anak… kailangan mo ‘to,” sagot niya, pilit pinatatatag ang boses.

Saglit siyang tumingin sa akin sa salamin, saka umiwas.

“Para hindi ka na lapitan ng Kuya Alejandro mo.”

Parang may kung anong sumikip sa dibdib ko.

Doon ko napansin—napaluha si Mommy Zamara.

Tahimik siyang umiiyak habang patuloy akong sinusuklayan, na para bang bawat hagod ng suklay ay may kasamang sakit na pilit niyang itinatago.

Tapos, dahan-dahang nagsimulang magkuwento si Mommy.

“Si Alejandro… mapusok ‘yon. Katulad ng ama niya,” mahina pero malinaw niyang sabi.

“Hindi naging maganda ang simula namin ng ama niya, Sabrina..ayokong maging ganun din sayo..si Eros igagalang Ka niya.."

Tahimik lang akong nakatingin sa kanya sa salamin habang nagsasalita siya. Kita ko roon ang lungkot sa mga mata niya—parang may mga alaala siyang pilit binabalikan kahit masakit.

Umiling siya, saka tuluyang humarap sa akin.

“Mabait si Eros,” dagdag niya. “Napakamaunawain na bata… at gwapo pa...hindi ka niya pipilitin sa bagay na ayaw mo pang gawin..”

Napayuko ako.
Naluluha.
Nahihiya akong tumanggi.
Parang wala akong karapatang magsabi ng ayoko… lalo na kung ang kapalit nito ay katahimikan ng pamilyang tumanggap sa akin, Baka Hindi maniwala si mommy pag sinabi ko yung ginawa nila sakin..

“Mamaya, andiyan na sila. Ipapatawag na lang kita, ha? Lalabas na ako,” sabi ni Mommy Zamara bago tuluyang lumabas ng kwarto.

Napipilitan akong ngumiti at marahang tumango.

“O-opo, Mommy…”
Pagkasara ng pinto, biglang tumahimik ang paligid.

Ilang sandali pa, nag-vibrate ang cellphone ko sa ibabaw ng kama.
Napalingon ako.

Si Kuya Alejandro ang nag-text.

"*You refused the marriage. I'm leaving, but I'll come back, Sabrina. Wait for me."*

Iyon lang ang sinabi niya.

Napapikit ako.

Hindi ko na maintindihan ang nararamdaman ko. Bakit ako nalulungkot sa isiping aalis siya?
Sa kabila ng pagiging dominante at mapusok niya… masasabi kong may kabaitan din kasi si Kuya Alejandro.
At parang Siya Lang ang may kakayahang matigil Yung arrange marriage ko kay Eros.

Lumipas ang ilang oras.

Nakaupo ako sa gilid ng kama, suot 'yung peach dress na binigay ni Mommy —simple lang, square neckline, umabot hanggang gitna ng hita. Maganda siya, sobra. Yung tela niya malambot sa balat, Pero kahit gaano kaganda, hindi ko maiwasang kabahan. Parang may mga paru-paro sa tiyan ko na hindi mapakali.
Hawak ko ang cellphone ko nang mahigpit..

Pagkakaalam ko, mamayang gabi pa ang alis ni kuya. Pero nung nag-breakfast kami kanina... wala siya.

Si Mommy lang, si Daddy, at ako.

Tahimik.

Tinignan ko ang salamin sa harap ko. Mukha ko payapa, pero 'yung mata ko... halatang umiyak.

Bigla akong napatingin sa pinto nang marinig ko ang mahinang katok.

"Sabrina?"

Boses ni Mommy.

Tumayo ako, dahan-dahan. Binuksan ko ang pinto.

Andiyan na sila, Tito Azrael mo...

Nakangiti si Mommy.

Kinabahan ako agad. Puso ko biglang tumibok nang mabilis, parang may alarm na tumunog sa dibdib ko. Pero wala akong magawa. Hindi ako pwedeng tumutol, hindi ako pwedeng umayaw. Nandito na sila. At kailangan kong harapin.

"Halika na..." sabi ni Mommy, sabay hawak sa kamay ko. Malamig ang palad niya, pero mahigpit ang kapit.

Sumunod ako. Naglakad kaming pababa ng hagdanan, bawat hakbang parang may timbang na dala-dala. Ang peach dress ko biglang naramdaman kong masyadong manipis—parang hindi sapat para maging proteksyon laban sa titig na darating.

Pagbaba namin sa sala, andun na silang lahat.

Buong pamilya ni Tito Azrael at Tita Sienna.

Si Tito Azrael nakaupo sa pinakagitnang sofa, suit pa rin, ngiti pa rin sa labi pero mata niya seryoso. Si Tita Sienna sa tabi niya, kamay niya naka-clasp sa kandungan, mukha niya nakangiti.
At 'yung mga anak nila...

Si Eros at Ismael—'yung kambal—nakaupo sa gilid, pero magkaibang ekspresyon. Si Eros nakangiti nang bahagya, playful pa rin tulad ng dati, pero may kakaibang liwanag sa mata niya na hindi ko maintindihan. Si Ismael naman... malamig ang tingin, parang sinusuri ako mula ulo hanggang paa.

Si Kuya Atlas naka-lean sa pader, arms crossed, mukha niya walang emosyon pero alam kong pinagmamasdan niya ako nang mabuti. Si Ate Anastasia sa tabi niya, nakaupo sa arm chair, legs crossed, elegant na elegant pero 'yung titig niya... parang masaya siya para sakin..

At si Kuya Aldrin—seryosong nakatingin sa'kin. Hindi siya ngumingiti. Hindi siya kumikibo.

Wala lang sina Arabella at Kuya Aziel.

"G-good afternoon po..." naiilang kong bati, iwas na iwas ang tingin sa kambal. Hindi ko kaya tumingin nang diretso kay Eros at Ismael. Parang kapag ginawa ko 'yon, mas lalabas 'yung hiya, 'yung takot, 'yung pagkalito sa lahat ng nangyari.

Mayamaya, lumabas si Daddy Asmodeus mula sa opisina niya sa gilid—

Tahimik siyang lumakad papunta sa sala. Hindi 'yung tipikal na sala na may maliit na coffee table at cute na throw pillows. Malaki 'to—mga sofa na magkaharapan,

Umupo ako sa gilid ng isa sa mga sofa, yukong-yuko, hawak pa rin ang cellphone ko nang mahigpit. Wala si Kuya Alejandro.

Tumabi sa'kin si Mommy at si Daddy—si Zamara at si Asmodeus. Si Mommy hinawakan ang kamay ko, malamig pero mahigpit. Si Daddy naman... nakaupo nang tuwid, mukha niya walang emosyon, pero ramdam ko ang tensyon

Nag-uusap na sila.
Tungkol sa kasal.
yung ordinaryong usapan ng kasal na may flowers, venue, at honeymoon.

Si Mommy napahigpit ang hawak sa kamay ko.

Si Asmodeus—si Daddy—tumango lang.
Bigla, umilaw ang cellphone ko sa kandungan ko.

Vibrate nang mahina.

May nag-message.

Umaasa akong si Kuya 'yon—

Kaso.

Unknown number.
Ang mensahe:
Ang ganda mo, Sabrina. Parang hindi na ako makapaghintay ng kasal. Pwede na ba kitang angkinin mamaya??

Nanginig ang kamay ko agad.
Parang may yelo na tumakbo sa ugat ko.
Unti-unti akong napatingin sa kabilang sofa.

Kay Eros.

Nakaupo siya roon, legs crossed, nakasandal nang relaxed. Hawak din niya ang cellphone niya.

At nakangisi siya.

Hindi 'yung simpleng ngisi. 'Yung tipong alam niyang natakot ako. 'Yung tipong nasisiyahan siya sa reaksyon ko.

Mga mata niya—madilim, parang kay Tito Azrael, pero may kakaibang init na hindi ko gusto.

Tumingin siya nang diretso sa'kin.
Hindi niya binaba ang cellphone.
Sa halip, tumaas pa lalo ang sulok ng labi niya.

Bigla akong napahawak nang mahigpit sa cellphone ko.

Si Mommy napansin ang pagkabalisa ko..
"Sabrina?"

Hindi ko nasagot agad.
Tumingin ako kay Eros ulit.
Siya naman... tumango nang bahagya,

Dahil doon, bigla akong nakatagpo ng lakas ng loob na tumayo.

Mga paa ko nanginginig pa rin, pero hindi ko na pinansin. Hawak ko pa rin ang cellphone nang mahigpit,

parang kakampi ko 'yon sa lahat ng nangyayari.
"S-sorry po, Mommy, Daddy... Tito Azrael, Tita Sienna..."

Boses ko nanginginig, halos mabasag na sa kakaiyak.

"A-ayoko pong magpakasal kay Eros."
Tumulo na naman ang luha ko. Hindi ko na napigilan.

"Sabrina..." pigil sa'kin ni Mommy, boses niya puno ng pag-aalala. Hinawakan niya ang braso ko, pero napapailing ako nang paulit-ulit, parang ayaw ko nang marinig kahit ano pa.

"Mommy, plea—"

"Sit down, Sabrina."
Malamig na boses ni Daddy Asmodeus ang tumigil sa lahat.

Parang may invisible na kamay na humila sa balikat ko pababa. Napayuko ako agad. Dahan-dahang umupo ulit ako sa sofa, nakayuko pa rin, hindi makatingin kahit kanino.

Ang buong sala biglang naging tahimik. Ang tanging naririnig ko lang ay ang mahinang paghikbi ko..

Bumaling si Daddy kay Tito Azrael.
"Naguguluhan lang siya siguro," sabi niya, boses niya kalmado na parang walang nangyari. “But she’ll accept it eventually.”

Tumingin si Tito Azrael sa'kin sandali. Walang galit ang mata niya..

“You’ll accept it too, Sabrina. Don’t worry—once you’re under our care, we won’t neglect you. You can

continue your studies…” sabi ni Tito Azrael, boses niya mababa pero may bigat.

Eros—still on the opposite sofa—smirked slightly.

Si Kuya Aldrin—na tahimik lang kanina—biglang nagsalita. Malamig, diretso.
“If she doesn’t want Eros, why force her?”

Tumingin siya kay tito Azrael, parang hinintay ang sagot.
Si Daddy ay hindi agad sumagot. Tumingin lang siya sa'kin—matagal, parang sinusubukang basahin ang isip ko.

Si Eros biglang tumawa nang mahina.
“Kuya Aldrin, she was arranged for me, right?”

He looked at me, his smile dangerous now.

“Ganun ba...” sabi ni Kuya Aldrin, boses niya malamig pero may halong paghamon. Tumingin siya nang diretso kay Eros, walang takot sa mata.

“Para kasing natatakot siya sa’yo, Eros.”
Biglang tumigil ang pagngisi ni Eros. Naningkit ang mga mata niya, pero hindi siya agad nagsalita.
Parang sinusukat niya si Kuya Aldrin—kung hanggang saan ang lakas-loob nito na makialam.

Si Kuya Aldrin hindi umatras. Sa halip, Sumandal lang sa sofa, crossed arms pa rin, pero mukha niya seryoso na talaga.

“Edi ako na lang, Sabrina,” sabi niya, boses niya mababa pero malinaw na maririnig ng lahat. “Sa’kin ka naman talaga pinagkakasundo. Komontra lang ‘tong si Eros.”

Biglang napatingin ako kay Kuya Aldrin, halos hindi makapaniwala sa narinig ko.

Ano’ng sinasabi niya?
Ako... kay Kuya Aldrin?

Parang biglang nag-init ang mukha ko, pero hindi dahil sa hiya—kundi dahil sa gulat at pagkalito.

Si Mommy napahawak nang mahigpit sa braso ko, parang natakot na baka tumayo ulit ako at magsalita nang hindi na makontrol.

Si Daddy Asmodeus... nanatiling walang ekspresyon, pero ‘yung titig niya kay Aldrin ngayon ay mas matalim na. Parang hindi niya inaasahan na lalabas ‘yon sa bibig ng isa sa mga anak ni Tito Azrael.

Si Tito Azrael mismo ay tumaas ang kilay...

Napapikit ako nang mariin.
Hindi ko na kaya 'yung titig pa.

Si Kuya Aldrin hindi umiwas ng tingin.
“Dahil hindi ko na kaya ang nakikita ko,” sagot niya, diretso pa rin.

“Si Sabrina hindi laruan na pwede niyong pagpasa-pasahan." Makahulugang Sabi ni Kuya aldrin sabay titig kay Eros at ismael..

Tumingin siya sa’kin nang saglit.
Hindi mapanganib ‘yung titig niya.
May lambing.
May proteksyon.

Si Eros biglang tumawa—pero hindi na ‘yung mapaglarong tawa kanina. Mas malamig na ‘to. Mas mapait.

“Wow, Aldrin. Biglang naging knight in shining armor ka? Akala ko ba wala kang pakialam sa arrange marriage na ‘to?”

"Enough."
Malakas at matigas na boses ni Tito Azrael ang biglang pumutol sa lahat ng ingay sa sala.

Sabay niyang binalingan si Kuya Aldrin, titig niya matalim pero hindi galit—

"Kay Eros na siya, Aldrin."
Sabay iling niya, dahan-dahan pero walang pag-aalinlangan. Parang sinasabi niya na tapos na ang usapan, walang appeal, walang diskusyon pa.

Si Kuya Aldrin napatigil. Mga mata niya naningkit, pero hindi siya sumagot agad. Nakita ko lang ang pagkuyom ng kamao niya sa gilid.

Si Eros... biglang bumalik ang ngisi niya. Mas malapad na ngayon, mas sigurado. Tumingin siya sa'kin nang diretso, parang sinasabi niya nang walang salita: *Told you. Akin ka na talaga.*

37

Natapos na ang usapan...

Tuloy pa rin ang kasal namin ni Eros... at itatakda na raw agad sa Sabado. Sobrang bilis ng mga pangyayari, bago pa siguro makabalik si kuya Alejandro dapat Kasal na Kami ni Eros..

Kasalukuyan kaming naghahapunan.
Katabi ko si Eros.
Nakakapanibago ang pagiging maasikaso niya sa'kin ngayon... o baka pakitang-tao lang 'yon kasi nandito ang mga magulang ko.

Tahimik lang kami lahat.

Mahaba ang dining table, puno ng karaniwang eleganteng pagkain: grilled salmon, roasted vegetables, creamy mashed potatoes, at 'yung signature red wine na lagi gustong-gusto nila Daddy at Tito Azrael sa "family occasions."

Si Mommy Zamara Katabi si daddy, nakangiti nang pilit habang tinatanong si Tita Sienna tungkol sa charity event next month. Si Daddy Asmodeus at si Tito Azrael nag-uusap nang mahina-siguro business ulit, o detalye ng kasal. Paminsan-minsan, sumulyap sila sa direksyon namin.

Si Eros, iba ngayong gabi.

Wala na 'yung mapang-asar na ngisi niya noong pamamanhikan.
Walang nanunukso na liwanag sa mata.
Sa halip, siya pa mismo ang nagse-serve sa'kin.

"Sabrina, subukan mo 'to," mahinang sabi niya habang nilalagyan ng maliit na piraso ng salmon ang plato ko. Mababa ang boses niya, halos malambot. "Masarap 'yan."

Tinitigan ko muna ang pagkain sandali bago bumulong ng, "S-salamat..."

Tumango siya, saka medyo lumapit-sapatos lang ang layo para marinig ko lang siya.

"Hindi ka pa halos kumakain," sabi niya, hindi nanunuya, hindi nananakot. Obserbasyon lang. "Natatakot ka parin ba?"

Hindi agad ako sumagot. Hinigpitan ko lang ang kapit sa tinidor ko.

Sa kabilang side ng table, napansin ko si Ate Anastasia. Binigyan niya ako ng maliit na ngiti-parang sinasabi niya na magiging okay din ang lahat.

Bigla, nagsalita si Mommy Zamara.

"Sabrina, anak,," sabi niya, maliwanag ang boses. "Kailangan pa nating i-finalize 'yung flowers at veil mo. Gusto mo pa rin bang white roses, o lilac na lang para mas... malambot?"

Pilit akong ngumiti. "White na lang po, Mommy."

Tumingin ulit sa'kin si Eros, this time inilagay niya ang braso niya nang casual sa likod ng upuan ko-hindi

niya ako hinahawakan, pero ramdam ko ang init nito sa likod ng balikat ko.

"Maganda rin sa'yo ang lilac," mahinang sabi niya.

Napatingin ako sa kanya.

Tumingin siya sa mata ko nang ilang segundo-mas matagal kaysa dati. Walang ngisi ngayon. May kung ano lang na hindi ko mabasa.?

O baka naman iniisip ko lang 'yon kasi desperado akong makakita ng kahit anong senyales na hindi ito magiging bangungot na tuluyan.

Tumawa nang mahina si Tita Sienna, sinundan ng mahinang usapan nila Mommy tungkol sa cake tasting bukas.

Pero sa gitna ng lahat ng 'yon, ramdam ko pa rin ang bigat ng titig ni Kuya Aldrin mula sa kabilang dulo.
Hindi siya nagsasalita.
Pero alam kong naririnig niya ang bawat salita ni Eros.
At alam kong hindi siya natutuwa.

Natapos ang hapunan..

Kasalukuyan na akong nasa kwarto ko.
Tahimik na ang buong bahay- nagpaalam na ang mga bisita.

Nakaupo ako sa gilid ng kama, pero hindi ko na nagawang magbihis ng pajamas. Hawak ko pa rin ang cellphone ko.

Biglang nag-ring ito.

Sa screen:

Kuya Alejandro

Napatingin ako sa pangalan niya nang matagal.
Ang puso ko, biglang tumibok nang mabilis-parang takot, parang lungkot, parang pag-asa na sabay-sabay na dumadating.

Hindi ko sinagot.

Hindi ko rin alam kung ano ang sasabihin ko sa kanya.

Pinatay ko muna ang ringtone, pero nanatili ang pangalan niya sa missed call log.

Napahiga ako sa kama, nakatitig sa kisame.

Naisip ko bigla 'yung sinabi niya noon sa text:
Antayin mo ako.

Pero hindi ko na mahihintay pa, nagdesisyon na sila?
Paano kung mas mabuti na ngang matapos na 'to-na maging asawa na ako ni Eros-para tuluyang mawala ang dahilan para lapitan ako ni Kuya Alejandro?

At bigla ring sumagi sa isip ko 'yung ibang posibilidad pa.

Kung magiging asawa na ako ni Eros...
baka magbago na siya.
Baka maging "tunay" na siyang mapagmahal, mapagmahal sa akin, at hindi na niya maisip na i-share ako kay Ismael.

Pero ang pinaka-nakakatakot sa lahat-hindi 'yung si Eros mismo, kundi 'yung alam kong may kakambal siyang handang kunin ang anumang sa tingin niya'y pag-aari niya rin.

At kapag nangyari 'yon... hindi ko na alam kung paano ko pa mapoprotektahan ang sarili ko.

Napapikit ako nang mariin.

Bigla ulit nag-vibrate ang phone ko.
Hindi na ring-text na.

Galing pa rin kay Kuya Alejandro.

Hindi ko na binasa pa ang mensahe.
Pinatay ko na ang phone.
Itinago ko sa ilalim ng unan.

At sa unang beses sa buong araw na 'to...
naramdaman ko ang tunay na bigat ng desisyon na kailangan kong gawin.

Sabado na.
Dalawang araw na lang.

At pagkatapos noon...
wala na akong kawala.

Hindi ko na alam.
Pero ramdam ko-may isang parte sa'kin na gustong-gusto pa ring maghintay Kay Kuya Alejandro.. kahit nakakatakot siya at nakakailang, sa kanya nakakaramdam ako ng seguridad..

Bigla ulit nag-vibrate ang phone ko sa ilalim ng unan.
Hindi ko na sana gusto buksan, pero parang may nagtutulak sakin na tignan yun..

Si kuya..

"*You actually agreed to the wedding... Fine. Prepare yourself for when I come back."*

Limang segundo lang akong nakatitig sa screen.

Parang nawalan ng hangin ang kwarto ko.

Napalunok ako.
Nanginginig ang daliri ko habang binabasa ulit 'yung mga salita.

You actually agreed to the wedding... fine. Prepare yourself for when I come back.

Pinindot ko ang reply button.
Naka-type ako ng tatlong beses, pero tinanggal ko rin agad.

Una: *Sorry, Kuya..*

Tinanggal.

Pangalawa: *Mag aasawa na ako kuya*..

Tinanggal ulit.

Pangatlo: *Kaya mo bang bumalik ngayon, Sama mo nalang ako Kuya..natatakot ako Kay eros..*

Hindi ko na pinadala.
Sa halip, itinago...

Humiga ako nang patagilid, yakap-yakap ang unan, pero hindi mapakali.
Ang isip ko, parang naglalaro ng dalawang eksena nang sabay:

Una-'yung Sabado. Ako sa altar, puting damit, tapos Si Eros... nakaabang.

At pangalawa-'yung galit ni kuya Alejandro..

hindi ko alam kung sino ang mas matatakot-si Eros, o siya mismo.

Napapikit ako nang mahigpit.
May maiiyak pa ba akong luha?
Siguro wala na.
Pero may nararamdaman akong malamig na pawis sa likod ko, kahit malamig ang aircon.

Dalawang araw na lang.

Sabado na.

Dumating ang araw ng kasal.

Maaga pa, pero parang ang bigat ng oras na 'yon ay dinadala na ng buong bahay. Tahimik ang lahat-walang ingay ng mga bata, walang tawa, walang kanta. Parang alam ng lahat na may mangyayaring hindi na mababago.

Nasa kwarto ako, nakaupo sa harap ng vanity mirror habang inaayusan pa rin ako ng makeup artist at hairstylist. Puting gown na-sobrang puti, sobrang dalisay, sobrang... malayo sa nararamdaman ko ngayon. Lace sleeves, fitted bodice, tapos 'yung skirt ay malambot balloon style.

Maganda. Sobrang ganda. Pero pakiramdam ko, parang suot ko 'yung damit ng ibang tao.

"Napakaganda n'yo po, Ma'am Sabrina," sabi ng nag-aayos sa'kin nang may ngiti. "Parang prinsesa talaga. Si Sir Eros, siguradong hindi makakahinga kapag nakita ka niya."

Ngumiti ako nang pilit. "Salamat po..."
Pero sa salamin, kita ko ang mga mata ko-pulang-pula na sa kakaiyak kahapon pa, kahit na sinubukan kong itago sa concealer. Hindi ko na maipinta 'yung lungkot na 'yon.

Mayamaya, may kumatok sa pinto.
"Ma'am, andyan na po ang kotse n'yo. Hahatid na po kayo sa simbahan."
Parang may sumuntok sa dibdib ko.
Bigla na lang tumulo ang luha ko-tahimik, walang ingay, pero hindi na mapigilan.

Hindi ko sinagot. Hindi ko rin nagawang tumanggi.

Wala akong lakas ng loob.
Parang nawala na 'yung Sabrina na minsan ay nagsabi ng "ayoko" sa sala noong pamamanhikan.
Natakpan na siya ng takot, ng obligasyon, ng "para sa pamilya."

Tumayo ako.

Hinawakan ng isa sa mga katulong ang train ng gown ko para hindi madumihan.
Dahan-dahan akong nilakad palabas ng kwarto, pababa ng hagdanan.

Hindi na ako nagsalita.

Sumakay na lang ako sa kotse-'yung puting Rolls-Royce na may white ribbons at flowers sa hood.

Tahimik ang biyahe.

Sa labas ng bintana, dumadaan ang mga building, mga puno, mga tao na hindi alam na may isang babaeng papunta sa altar.

Pagdating sa simbahan...

ang ingay ng organ music, ang amoy ng bulaklak, ang dami ng tao-lahat ng 'yon ay parang malayo.
Parang nasa ibang mundo..

Bumaba ako.

Nagsimula ang paglalakad-slow, steady, tulad ng sa lahat ng kasal na nakita ko sa pelikula.

Pag-abot sa pintuan ng simbahan, bumukas ito.

Nandoon na sila lahat.

Si Eros sa harap ng altar, naka-tuxedo, nakangiti nang bahagya-'yung ngiti na parang sigurado na siya..

Sa likod niya, si Tito Azrael at Tita Sienna, nakangiti rin.
Si Mommy Zamara at Daddy Asmodeus, nakaupo sa unahan.

Si Ate Anastasia, si Kuya Atlas, Kuya Aldrin, Kuya Aziel , ate Bea at ate ara kasama ang asawa nitong si kuya Hades at marami pang iba-lahat sila nakatitig sa'kin.

At doon ako tumigil.

Sa gitna ng aisle..
.
Hindi gumagalaw.

Nakatitig lang kay Eros.

Hindi ko na maalis ang tingin ko sa kanya-hindi dahil sa pag-ibig, kundi dahil sa takot na 'yon ang huling mukha na makikita ko bago mawala ang lahat ng pagpipilian ko.

Napakunot-noo si Tito Azrael.

Nakita ko rin ang pagkagulat sa mukha ni Eros-'yung ngisi niya biglang nawala.
Si Mommy, tumayo nang bahagya, parang gustong tawagin ako.

Pero hindi ko na narinig ang sinuman.

"Sorry po..."
Mahina kong usal-parang bulong lang sa hangin.

Tumalikod ako, binitawan ang bulaklak hinawakan ang gown..
At tumakbo.

Hindi elegant na takbo.
Hindi 'yung sa pelikula na maganda pa rin kahit tumatakbo.

Totoong takbo-'yung tipong natitisod ang train ng gown ko, natapilok ako nang kaunti, pero hindi ako tumigil.

Ang mga tao sa simbahan, nagulat, may humiyaw ng pangalan ko, may tumawag ng "Sabrina!"

Pero hindi ako lumingon.

Tumakbo ako palabas ng simbahan, pababa ng hagdanan, papunta sa parking lot.

'Yung puting gown ko, dumudumi na sa alikabok at damo, pero wala akong pakialam.

Hindi ko alam kung saan ako pupunta.
Hindi ko alam kung may susundo sa'kin.
Hindi ko alam kung babalik pa ba si Kuya Alejandro tulad ng sinabi niya.

Pero sa unang beses sa buong buhay ko...
naramdaman ko ang kalayaan.
Kahit sandali lang.

Kahit alam kong habulin nila ako.
Kahit alam kong hindi pa tapos ang lahat.
Tumakbo pa rin ako.

38

Tumakbo ako nang tumakbo.

Sa gilid ng parking lot, may nakita akong ilang tauhan ni Daddy at ni Tito Azrael. Sabay-sabay silang napahawak sa mga earpiece nila—malamang may utos na ang kani-kanilang boss na habulin ako.
At tama nga.

Ilang segundo lang, nagsitakbuhan na sila papunta sa direksyon ko.

Lalong bumilis ang tibok ng puso ko. Ramdam ko ang adrenaline rush—halo ng takot at desperasyon.

Hindi ako puwedeng maabutan. Hindi ngayon.

Malapit na nila akong maabutan nang biglang may humarang sa daraanan nila.
Mga lalaki rin—nakaitim, matitikas ang tindig.

Hindi ko sila kilala.

Hindi sila tauhan ng pamilya namin. Pero malinaw na hindi nila hahayaang malapitan ako.

Nagkagulo sa likod ko.

Sa dulo ng kalsada, may isang itim na kotse ang biglang huminto. Makinis. Walang plaka sa harap.

Bumaba nang kaunti ang bintana.
Isang babae ang nagmamaneho. Nakatali ang buhok niya, seryoso ang mukha, pero diretso ang tingin sa'kin.

“Sakay na!” sigaw niya.

Hindi na ako nag-isip.
Agad akong sumakay.

Pagkasara ko ng pinto, agad niyang inapakan ang silinyador.

Umarangkada ang kotse—mabilis, halos dumikit ako sa upuan sa lakas ng hatak. Sa side mirror, nakita ko ang dalawang sasakyan na humahabol sa amin.

“May nakasunod,” mahinang sabi ko, nanginginig pa ang boses.

“Alam ko,” sagot niya, kalmado. Parang hindi hinahabol ng mga armadong tauhan. Parang normal na araw lang.
Mas lalo niyang binilisan ang takbo.

Kumabig siya pakaliwa, saka biglang pakanan—matalim ang liko, halos sumigaw ang gulong sa kalsada. Pero steady ang mga kamay niya sa manibela.

Sobrang bilis.

Sobrang delikado.

Pero siya? Relax lang.

Isang mabilis na sulyap ang ibinigay niya sa’kin bago muling tumingin sa daan.

“Hi. Ako pala si Sarah.”
Hindi ako agad nakasagot.

“Hindi kita tinulungan dahil naaawa ako,” dugtong niya, parang casual lang na nakikipagkwentuhan habang nakikipaghabulan.

“Malaki lang talaga ang binayad ng nagpapakuha sa’yo.”

Nanlaki ang mata ko.

“A-ano?”

“At isa pa,” bahagya siyang ngumisi, “banas din ako sa kambal na sina Eros at Ismael.”

Parang mas lalong bumigat ang hangin sa loob ng kotse.

“Sino’ng nagpadala sa’yo?” tanong ko, halos pabulong.

Hindi siya agad sumagot.

Sa halip, mas lalo niyang tinapakan ang silinyador. Naiwan sa likod ang isang sasakyan nang bigla siyang pumasok sa masikip na eskinita na halos isang kotse lang ang kasya.

“Relax ka lang, Sabrina,” sabi niya nang hindi inaalis ang tingin sa daan.

“Kung gusto ka nilang habulin, kailangan muna nila akong lampasan.”

Napahigpit ang kapit ko sa seatbelt.
“Pero hindi ibig sabihin nito ligtas ka na.”

Saglit siyang tumawa—hindi masaya. Parang may alam siya na hindi ko pa alam.

“Kasi ang totoo? Mas delikado ‘yung taong nagbayad para makuha ka.”
Tumigil sandali ang mundo ko.

“...Sino?” mahinang tanong ko.
Sa wakas, tumingin siya sa’kin nang diretso.

“At sa tingin mo,” sabi niya, “sino ang may lakas ng loob na kalabanin ang pamilya mo… at ang kambal?”

At doon ko naramdaman—
baka hindi ako tumatakbo palayo sa gulo.

Baka papunta pa lang ako sa mas malaking gulo.

Mayamaya, may tinawagan siya gamit ang Bluetooth earpiece.

“Lumabas na kayo,” malamig niyang utos.

“Masyado nang makukulit ‘yung nasa likuran namin.”

Hindi ko alam kung sino ang kausap niya, pero ramdam kong hindi siya basta-basta tao.
Nakatitig lang ako sa kanya.
Maganda siya—matangos ang ilong, morena, matalim ang mga mata. Pero hindi iyon ang unang mapapansin mo.

Astig siya.

Parang assassin sa pelikula—kontrolado ang galaw, walang sayang na kilos, eksaktong eksakto ang timing.

Mabilis.

Bigla siyang ngumisi nang bahagya.
“Alam mo…” sabi niya habang umiilag sa isa na namang sasakyang pilit sumisingit sa tabi namin.

“Banas din ako sa dalawang kambal na ‘yon.”.

Napakunot ang noo ko.
“Eros at Ismael?”

“Parehong manyak,” diretso niyang sagot, walang emosyon.

“At masyadong mayabang.”
Humigpit ang hawak ko sa upuan.

“Pero bilang na ang mga oras nila,” dagdag niya. “Isa rin sila sa mga target ko.”

Parang huminto ang tibok ng puso ko.
“Target?”

Hindi na siya sumagot.
Sa halip, isang kamay ang binitawan niya sa manibela at may inilabas na baril mula sa compartment sa gilid ng pinto. Sanay ang kilos—parang parte na ng katawan niya ang baril.

Kinasa niya.

Tumagilid siya nang kaunti, bahagyang inilabas ang balingkinitan niyang katawan sa bintana—isang kamay pa rin ang kontrolado ang manibela.

“Humawak ka nang mabuti,” sabi niya.
Sumunod ako.

Isang putok.

Sumunod pa ang isa.

Tumama ang bala sa gulong ng kotse sa likod namin.

Napalingon ako sa side mirror.
Umusok ang gulong. Nawalan ng kontrol ang sasakyan. Kumabig ito pakaliwa at tumigil sa gilid ng kalsada.

Bumalik siya agad sa loob ng kotse, ibinalik ang baril sa tabi niya, at parang walang nangyari—tuloy lang ang pagmamaneho.

Tahimik ako.
Hindi dahil sa takot.
Kundi dahil sa realization.
Kung target niya ang kambal…
“Y-yes, sir!”

Tumawag siya ulit. Sa tactical team na personal niyang binuo.

“Mobilize all units. Code Black.”

Napatigil ang nasa kabilang linya.

“Ngayon na...” Mababa ang boses niya. Kontrolado. Pero nakakatakot.

“Lahat ng lalapit sa kanya nang walang pahintulot ko—patumbahin niyo.”

“Copy, boss.”

Mabilis ang takbo ng kotse. Hindi siya natitinag kahit bumubusina ang ibang sasakyan.

Sa isip niya, iisa lang ang umiikot.

Si Sabrina.

Hindi takot ang nararamdaman niya.

Galit.

Galit na may kasamang possessiveness na hindi niya na tinatago.

Tumawag ulit siya kay Sarah.

“Nasaan siya ngayon?”

“Nandito po Kami sa kwarto, Master. Pero natatakot na po siya—”

“Don’t let her see fear.”

“Po?”

“Kapag nakita niyang natatakot kayo, lalo siyang kakabahan.”

Saglit siyang tumahimik.

Pagkatapos, mas mababa ang boses.

“I-lock mo ang inner door. I-activate mo ang steel shutters. At huwag na huwag mong pagbubuksan kahit sino.”

“Noted, Master...”

“Lahat. Kahit sino.”

Sa kabilang banda ng linya, ramdam ang tensyon.

“Master… mukhang si Eros nga po ang nasa labas.”

Napangisi si Alejandro.

Hindi masaya.

Hindi rin galit.

Kundi hamon.

“Good.”

“Sir?”

“Sabihin mo sa kanya—”

Tumigil siya sandali. Tumitig sa kalsada habang madiing hinahawakan ang manibela.

“Sabihin mo, kung gusto niya si Sabrina… kailangan niya muna akong patayin.”

Pinatay niya ang tawag.

Sa kabilang bahagi ng siyudad, nagsisimula nang mag-ipon ang mga tauhan niya.

Mga motorsiklo. Mga itim na sasakyan. Mga lalaking sanay sa gulo.

Hindi ito simpleng away.

Ito ay deklarasyon ng mas malaking kahulugan ng mga anak ni Azrael at anak ni Asmodues..

Nag-vibrate ulit ang phone niya.

Isang message mula sa isa sa mga tauhan niya:

“Boss, papalapit na rin ang grupo ni Eros at isa pang Grupo yung kakambal niyang si Ismael.”

Nag-reply siya ng maikli.

“Then break them.”

Sabay-sabay ang putok ng baril sa labas ng safe house.

Hindi nagkita sina Alejandro at Eros.

Hindi sila nagkaroon ng pagkakataong magkaharap.

Dahil sa sandaling dumating ang convoy ni Alejandro—nauna nang gumalaw ang kampo ni Eros.

“Boss! May ambush sa east side!”

Sumabog ang bintana ng isang SUV. Nagkagulo ang tauhan ni Alejandro.

“Cover fire!” sigaw ng isa.

Sunod-sunod ang putok. Usok. Sigawan. Gulong umiikot sa semento.

Pero habang nakatutok ang lahat sa harapan—

Tahimik na gumalaw ang likod.

Sa loob ng safe house, nanginginig si Sabrina.

Hawak niya ang dibdib niya habang naririnig ang mga putok.

“A-ano yun sarah…?” mahina niyang bulong.

"Relax, sabrina---"

Napahinto si Sarah, hawak ang baril niyakap si Sabrina ng mapatili Ito sa lakas ng pagsabog..

Sumabog ang pinto ng hallway nang pilitin itong buksan ng tauhan ni Eros.

Biglang bumukas ang ilaw sa hallway.

Nangatog sa takot si sabrina ng makilala Yung lalaking palapit.

“Eros!!!”

Takot na takot ang sigaw niya nang makita ang ito.

Saglit siyang napaatras.

Pagkatapos—

Lumapit si Eros mula sa dilim.

Maayos ang suot. Walang galos.

At nakangisi.

“Surprise.”

Nanlaki ang mata ni Sabrina. “A-Ano’ng ginagawa mo rito?!”

Pero bago pa sila tuluyang makalapit—

Humarang si Sarah.

Baril sa isang kamay, hinarangan si Sabrina..

Matalim ang tingin. Walang takot.

“Hanggang diyan ka lang.”

Huminto si Eros, nakangisi.

Kalmado.

Parang natutuwa sa eksena.

“Alam kong loyal ka sa amo mo,” sabi niya.

“Pero hindi ikaw ang pakay ko.”

“Hindi mo siya makukuha,” matigas na sagot ni Sarah.

Biglang umalingawngaw ang putok ng baril ni sarah

Napaatras ang dalawang tauhan ni Eros ng barilin yun ni Sarah..

Kaso Yung Iba sumugod na sa kanya, pero nakalaban si Sarah halatang sanay SA Mga ganung labanan..

Mabilis siyang gumalaw—roll sa gilid, sipa sa tuhod ng isa, tama sa sikmura ng isa pa.

Hindi siya basta bodyguard.

Sanay siya.

Isang magaling na Assassin at tauhan ni alejandro.

Napangisi si Eros.

“Interesting.”

Pero bago pa siya makalapit—

May isa pang aninong pumasok mula sa wasak na pinto.

Mabagal ang hakbang.

Mayabang ang tindig.

Si Ismael.

“Tsk, tsk…” umiling siya habang pinapanood si Sarah na nakatutok pa rin ang baril.

“Ang init Naman ng ulo mo.”

Humakbang siya palapit.

“Tayo muna ang maglaro, Miss Pretty,” malamig niyang sabi kay sarah, may bahagyang ngisi..

“Pumapatol din kasi ako sa babae.”

Sabay sugod.

Pero handa si Sarah.

Mabilis siyang umiwas, yumuko sa suntok, at nasiko ang tagiliran ni Ismael.

Umalingawngaw ang tunog ng tama.

Ngumiti si Ismael.

“Good.”

Muling umatake—mas mabilis ngayon.

Nagpalitan sila ng galaw.

Suntok. Iwas. Sipa. Harang.

Nag-echo sa hallway ang tunog ng banggaan ng katawan sa pader.

Sa likod, natataranta si Sabrina.

“Sarah!”

“Stay back!” sigaw ni Sarah nang hindi inaalis ang tingin kay Ismael.

Biglang nag-slide si Ismael sa gilid at tinamaan ang baril ni Sarah.

Nalaglag ito sa sahig.

Pero bago pa siya makalapit—

Hinila ni Sarah ang emergency fire lever sa pader.

Biglang bumuhos ang makapal na usok sa hallway.

“Cute,” narinig ang boses ni Eros sa gitna ng usok.

Tahimik.

Kontrolado.

“Pero hindi sapat.”

Sa gitna ng kalituhan, mabilis na kumilos si Ismael.

Nahawakan niya ang braso ni Sarah, pilit siyang pinipigilan, ginamit ang malalaking braso para sakalin patalikod si sarah

Nagpumiglas si Sarah, sinubukang sipain siya ulit.

Pero mas malakas si Ismael.

“Game over,” bulong niya sa tenga ni Sarah.

Sa kabilang side ng usok—

May kamay na marahas na humatak kay Sabrina.

Marahas.

Biglaan.

Pag-angat ng usok—

Si Eros.

Diretso ang tingin.

“Let’s go.”

“Sarah!” sigaw ni Sabrina.

Pero si Sarah, hawak pa rin ni Ismael, sumigaw pabalik—

“B-bitawan mo ako!”

At sa gitna ng usok, putok, at kaguluhan

Nailabas ni Eros si Sabrina sa likod na exit.

Habang sa hallway, nagpupumiglas si Sarah laban kay Ismael—

At sa labas ng compound, papalapit pa lang ang galit na galit na si Alejandro.

Pero huli na.

Sa pagkakataong iyon—

Si Eros ang nakakuha kay Sabrina.

Sa likod niya, dalawang tauhan niya ang agad nag-secure ng hallway.

Sa labas—

Sumabog ang isang gulong ng sasakyan ni Alejandro.

“Sir! They’re forcing us back!”

Umigting ang panga niya.

“Hanapin niyo ang rear exit!” sigaw niya.

Pero huli na.

Sa loob, hinawakan ni Eros ang kamay ni Sabrina.

Mainit ang palad nito, mahigpit na nakahawak kay Sabrina na iyak na ng iyak..

“Don't cry, princess....”Nakangiting Sabi ni Eros..

““Habang busy ang prinsipe mo sakin kana muna,” malamig niyang sabi..

Walang biro.

Walang pag-aalinlangan.

Mabilis siyang hinila palabas sa secondary tunnel.

Isang itim na van ang nakaabang.

Pagbukas ng pinto—

Sumilip muli ang takot sa mata ni Sabrina.

“Eros…”

Tumigil siya sandali.

Lumapit si Eros nang kaunti hinawakan siya sa pisngi.

Mas mababa ang boses niya ngayon.

“Hindi kita sasaktan, basta mag behave ka lang at sumunod sa gusto ko...”

Saglit siyang napangisi ulit—pero sa pagkakataong ito, hindi iyon laro.

Desisyon.

“Akin kana Sabrina...”

hinila niya na ulit si Sabrina pinasakay na sa van..

Sa loob ng van, tahimik si Sabrina.

Habang si Eros, nakaupo sa tabi niya, seryoso na ang mukha.

Hindi na siya nakangisi.

“Simula pa lang ’to,” mahina niyang sabi.

At sa unang pagkakataon—

Hindi dahil sa yabang.

Kundi dahil alam niyang nagwagi siya sa unang hakbang.

Habang sa likuran nila, naiwan si Alejandro—

Sa gitna ng usok, putok ng baril, at galit na mas lalong mag-aalab.

46

Mahigpit pa rin ang sakal ni Ismael sa leeg ni Sarah.

Nakadiin siya sa pader, isang braso nito nakapulupot sa leeg niya, ang isa nakahawak sa pulso niya para hindi siya makagalaw.

Humihingal si Sarah—pero hindi siya sumusuko.

Biglang may pumasok na boses sa earpiece ni Ismael.

“Boss, nakaalis na po si Boss Eros. Clear na ang exit.”

Sandaling katahimikan.

Pagkatapos—

Dahan-dahang napangisi si Ismael.

“Good...” bulong niya.

Mas hinigpitan niya sandali ang hawak, sapat para maramdaman ni Sarah ang lakas niya—pero hindi para tuluyang saktan.

“Tapos na ang mission ko dito.. ” mahinang bulong niya sa tainga nito.

Ngunit imbes na umalis agad—

Lalong lumapit ang mukha niya.

Suminghot ng malalim sa puno ng tenga ni Sarah..

“Ang bango mo naman,” natatawa niyang sabi, halatang nang-aasar lang.

Mas lalo siyang natuwa nang makita ang galit sa mata ni Sarah.

“Gusto mo maglaro muna tayo?” dagdag pa niya.."Doon tayo sa kama..."pilit niyang tinutukso si Sarah na pikon na pikon na.

Saglit niyang idinikit ang pisngi niya malapit sa mukha nito—hindi para halikan, kundi para dilaan Ito ng dahan dahan sa pisngi para lalong inisin si Sarah..

“’TANGINA MO!” gigil na gigil na sabi ni Sarah, pilit kumakawala.

Bigla siyang umapak nang madiin sa paa ni Ismael.

Napamura ito.

Sa pagkakataong iyon, mabilis na siniko ni Sarah si ismael—tumama sa sikmura ni Ismael.

Napabitaw ito.

Agad umatras si Sarah, sinubukang abutin ang baril sa sahig—

Pero mas mabilis si Ismael.

Isang malakas na sipa.

Dumulas ang baril palayo, tumama sa pader, at napunta sa ilalim ng sirang mesa.

Napatingin si Sarah doon—

Isang segundo lang.

Pag-angat niya ng tingin—

Nasa harap na niya si Ismael.

Halos dikit ang mukha nila.

Mabagal siyang ngumisi.

“Wrong move… baby girl.”

Mahina ang boses. Pero may lamig na gumagapang sa balat.

Hindi siya agad umatake.

Hindi rin siya agad umatras.

Parang pusa na pinaglalaruan ang nahuling ibon.

“Halika Dito...” biglang Sabi ni ismael..

Bigla siyang sumugod—pero hindi para suntukin.

Hinawakan niya ang pulso ni Sarah, pinaikot ito, at itinulak siya sa pader.

Hindi sapat para masaktan—

Pero sapat para iparamdam kung sino ang mas mabilis.

Nagpumiglas si Sarah, humihinga nang mabilis, habang pilit siyang pinaharap ni Ismael.

“Let’s make this interesting,” nakangising sabi ni ismael, parang pinaglalaruan lang siya.

Sinubukan ni Sarah na sipain siya—mata nagliliyab, galit sa bawat galaw—pero mabilis si Ismael.

Nasalo niya ang hita ni Sarah, mahigpit na hinawakan at dahan-dahang pinadulas ang kamay nito pataas sa hita—isang galaw lang na nagparamdam ng presensya niya at kontrol.

Napangisi si Ismael, ang tingin niya nakatuon sa reaksyon ni Sarah.

Nanlaki ang mata ni Sarah, hindi dahil takot—kundi dahil sa gulat at galit.

Si Ismael ang mga mata niya ay kumikislap sa halo ng aliw at hamon.

“Yan ang gusto ko palaban...” malamig at mabagal niyang sabi,

“Manyak!!!.”

Napangisi pa siya lalo..

“Ang tapang mo,” sabi niya.

“Pero hindi ka uubra sakin....”

Bigla niya itong binitawan.

Isang hakbang paatras.

Parang bored.

“Hindi kita kailangan patayin sa ngayon,” dagdag niya, inayos ang manggas niya.

“Ang trabaho ko dito ay pigilan ka lang.”

Tumunog ang earpiece niya.

“Boss, clear na ang area...”

Tumango siya.

Pagbalik ng tingin kay Sarah, mas naging seryoso ang mga mata niya.

“Sabihin mo kay Alejandro…” mababa ang tono niya.

“ Samin muna ang little Sister niya.”

Pagkatapos, ngumiti ulit siya—pero mas mapanganib na ang dating.

“At ikaw? Next time magsuot ka ng matibay na bra.”

Nanlaki ang mata ni Sarah, naramdaman niyang Lumuwag nga ang bra niya.. natanggal ang lock sa likod..

Isang kisapmata lang—

Nasa bintana na si Ismael.

Tumalon palabas, mababa lang naman..

Sumakay sa naghihintay na motor.

At sa loob ng ilang segundo, wala na siya.

Naiwan si Sarah, hingal na hingal, nanginginig sa galit, Inaayos na ang nakalas na bra sa likod..

Inis parin siya.

Hindi dahil natalo siya.

Kundi dahil alam niyang—

Pinaglaruan lang siya.

At iyon ang hindi niya matanggap.

Tinapik niya ang earpiece niya.

“Master… nakuha nila si Sabrina.”

Mabigat ang boses niya.

At sa isip niya, iisa lang ang pangako—

Sa susunod na magkita sila ni Ismael, hindi na siya nito mahahawakan pa.

Dahil uunahan na niya ito.

Wala pang ilang minuto...

Pumasok si Alejandro sa kwarto, mabigat ang bawat hakbang.

Kuyom ang kamao niya..

—ang mga ugat sa braso halos lumabas sa lakas ng presyon.

Tumigil siya sa gitna ng kwarto. Tahimik lang. Walang boses.

Walang salita. Ngunit ramdam sa bawat galaw ang galit na hindi maipaliwanag—isang tensyon na halos pumutok sa hangin.

Tahimik ang mga tauhan niya. Alam nilang ngayon, hindi biro ang mood ng Master Nilang si Alejandro.

Walang naglalakas-loob magsalita. Ang tanging naririnig ang mabigat na hininga niya.

Sa isip niya, paulit-ulit ang scenario: si Sabrina, hawak ni Eros..

"TANG INA KA, EROS!!"

Hindi niya matiis. Hindi niya matatanggap kung may kahit anong gagawin sila kay Sabrina.

Kumislap ang mata niya, at biglang napalakas ang boses niya.

“HANAPIN NIYO SI SABRINA NGAYON!!!”
Parang sumabog ang tunog sa buong kwarto.

Agad nagbukas ang mga radio sa ears ng mga tauhan ni Alejandro.

“Team Alpha, Team Beta, lahat ng units—eye on the target. Last known location: safe house east wing. Move!”

Isa-isa silang sumakay sa motorsiklo, SUVs, at armored vans. Ang bawat galaw planado, parang sayaw ng digmaan.
Si Alejandro, malalim na humihinga, galit na galit.

Hindi siya nagmadali—kontrolado ang bawat hininga. Ngunit ramdam ng lahat: kapag kumilos siya, walang makakapigil sa kanya.

Tahimik sandali ang paligid. Ang mga tauhan niya, sanay sa sitwasyon, agad nag-react.

Isa-isa silang naglakad palabas, mata nakatutok, handang kumilos sa utos ni Alejandro—alam nilang kapag ganyan ang boses niya, hindi biro ang laban.

“Sir…nakita na po ang direction..”

Hindi siya lumingon. Tumayo lang siya sa harap, malamig ang aura, parang bato ang katawan.

“Do whatever it takes. Find her. NOW!” dagdag niya, galit na galit pero kontrolado.

Agad kumilos ang mga tauhan niya—naka-earpiece, naka-motor, naka-van. Lahat naka-alert mode, naghahati sa mga posibleng ruta ni Sabrina.

Ngayon. Ang misyon—kuhaing muli si Sabrina at dalhin sa Master nila..

THIRD POV

Samantala, nasa loob ng van si Eros, mahigpit pa rin ang hawak niya kay Sabrina.

Humihinga siya ng mabagal, kontrolado, ngunit ramdam ang tensyon sa paligid.

“Haisst… ang kukulit naman nila...” bulong niya kay Sabrina, halatang naramdaman niya ang presensya ng ibang sasakyan sa likod.

Lumayo siya sandali, Pinindot ang earpiece, at tinawagan si Ismael.

“Asan ka na? Dalian mo! Mamaya na yang babae…” boses niya malamig, punong-puno ng pagmamadali.
May ngisi siya habang kausap ang kakambal..

“Sinusundan na kami ng mga tauhan ni Alejandro,” dagdag niya, halatang hindi siya natatakot—kontrolado ang galaw, ngunit alerto sa bawat galaw ng kalaban.

Si Sabrina, nakatingin sa harap, mata nanlalaki, ramdam ang tensyon.

“E-eros…,” mahinang sabi niya, nanginginig ang boses, pakiramdam niya maiihi na siya sa sobrang kaba..

“Relax,” sagot ni Eros, bahagyang ngisi. “Walang makakagulo sa atin… basta sundin mo lang ako.”

Sa labas, mabilis ang motorsiklo ni Ismael, umaakyat sa blind spots ng highway.

Tahimik siya, nakangisi, parang laro lang—pero ang mata niya nakatutok sa van, sa bawat galaw ni Eros at ng target nila.

Nakatitig si Eros sa rearview mirror habang nararamdaman ang presensya ng mga sasakyang sumusunod sa kanila.

“Dito makikita kung sino ang mas mabilis. At sa pagkakataong ito, kami ang may kontrol,” mababa niyang bulong sa sarili.

Ngumisi siya nang bahagya, halos di halata, habang ang mga kamay niya mahigpit na nakahawak sa kamay ni Sabrina.

“Tang ina mo, Alejandro… nakakabanas talaga yang mukha mo…” dagdag niya pa, nakangisi pa rin pero may halong galit at excitement.

Kasabay nito, kinokontak niya ang backup nila sa radio.

“Team, keep the rear covered. Don’t let anyone cut us off. Move in formation,” mahinang utos niya, kontrolado ngunit puno ng urgency.

Si Sabrina, nakatingin sa harap, nanginginig, halatang takot na takot. Mata niya nanlalaki, hindi makatiis sa presensya ni Eros—sa kanyang aura, at malamig na banta.

47

Biglang kumabig ang van nila Eros papasok sa isang abandonadong warehouse compound.

Umingit ang preno.

“Two minutes!” sigaw niya sa mga tauhan.

Mabilis ang galaw ng lahat.

Isang itim na sports car ang nakaabang sa loob—mas mababa, mas mabilis, mas mahirap habulin.

Hinila pababa ni Eros si Sabrina palabas ng van. Halos madapa ito sa bilis ng kilos niya.

“Lakad,” malamig niyang utos.

Takot na takot si Sabrina, nanginginig ang tuhod habang pilit sumasabay. Hindi niya alam kung saan siya dadalhin—pero ramdam niyang lalong nagiging delikado ang sitwasyon.

Sa labas ng compound—

Narinig na ang mga makina ng convoy ni Alejandro.

“Sir! They stopped inside!” sigaw ng isa sa mga tauhan niya.

Hindi nag-atubili si Alejandro.

“Surround the exits.”

Sa loob—

Binuksan ng tauhan ang pinto ng sports car.

Si Eros na ang umupo sa driver’s seat.

“Switch plates. Pasabugin niyo yung van,” mabilis niyang utos.

“Yes, boss!”

Isinakay si Sabrina sa passenger seat. Nakapulupot ang seatbelt sa nanginginig niyang katawan.

“Please… tama na…” pabulong niyang sabi.

Saglit siyang tiningnan ni Eros.

Walang emosyon.

“Manood ka kung paano ko malulusutan yang Alejandro mo...” sagot niya, saka pinaandar ang makina.

Sumindi ang makina—mas malakas, mas agresibo.

Sa mismong sandaling iyon—

Sumabog ang van sa likod nila.

Umingay ang paligid.

Sa gate ng compound—

Kakasugod lang ng convoy ni Alejandro nang makita ang apoy at usok.

“Sir! Explosion!”

Hindi man lang siya kumurap.

Sa gitna ng apoy—

May isang kotse na mabilis na lumabas sa side exit.

“Target vehicle spotted! Black sports car!”

Nagbigay agad ng utos si Alejandro sa unahan.

“After them.”

Mas malamig ang boses niya ngayon.

Mas mapanganib.

Sa highway ulit—

Mas mabilis ang takbo ngayon.

Mas agresibo.

Si Eros, nakatutok ang mata sa daan, kontrolado ang manibela.

Sa likod, papalapit na naman ang SUV ni Alejandro.

Parehong hindi susuko.

Parehong handang sirain ang lahat para manalo.

At sa pagkakataong ito—

Mas personal na.

Umiingit ang gulong ng sports car habang mabilis itong sumingit sa pagitan ng mga sasakyan sa highway.

Sa rearview mirror, malinaw ang convoy ni Alejandro—dalawang SUV at tatlong motorsiklo, dikit na dikit.

Napangisi si Eros.

“Makulit talaga…” bulong niya.

Sa tabi niya, si Sabrina halos hindi makahinga. Nakakapit ang kamay niya sa gilid ng upuan, nanginginig.

“E-Eros… please…” mahina ang boses niya.

Hindi siya pinansin ni Eros. Nakatuon ang mata niya sa daan.

Sa kabilang linya—

“Sir, visual confirmed. We’re 200 meters behind,” report ng Team Alpha kay Alejandro.

Tahimik lang si Alejandro sa loob ng itim niyang SUV.

Kuyom ang kamao.

Lumabas ang mga ugat sa braso niya habang nakatitig sa van sa unahan.

“Box them in,” malamig niyang utos. “Left flank, cut the exit ramp.”

“Copy, sir!”

Biglang may sumingit na SUV sa kaliwa ng sports car ni Eros.

Napairap si Eros.

“Too slow.”

Tinapik niya ang earpiece.

“Ismael, now.”

Sa likod, biglang may motor na sumulpot mula sa blind spot.

Si Ismael.

Diretso siyang sumingit sa pagitan ng dalawang motorsiklo ni Alejandro.

Isang malakas na bangga—

Natumba ang isang rider.

Nagkagulo ang formation.

“Sir! Interference from the rear!” sigaw ng tauhan ni Alejandro.

Hindi man lang kumurap si Alejandro.

“Stabilize. Don’t lose that car.”

Sa loob ng kotse—

Biglang umuga ang sasakyan nang umiwas sa paparating na spike strip.

Napahawak si Sabrina sa dashboard.

“AHH!”

Humigpit ang hawak ni Eros sa braso niya.

“Sit still,” malamig niyang sabi.

Mata niya ngayon nagbabaga—hindi na ngisi, kundi seryosong determinasyon.

Sa unahan, may paparating na intersection.

Traffic light—red.

Ngunit hindi bumagal si Eros.

“Clear it!” sigaw niya.

Sumagot ang backup vehicle nila sa unahan—binlock ang dalawang sasakyan para makagawa ng maliit na butas sa gitna.

Sumingit ang kotse nila eros.

Sa likod—

Napamura ang driver ni Alejandro.

“Sir, they jumped the red!”

“Follow them,” sagot niya.

Walang pag-aalinlangan.

Tumawid din ang convoy niya.

Mga busina. Sigawan. Gulong na umiingit sa semento.

Sa loob ng SUV ni Alejandro—

Nakatitig siya diretso sa van.

“TANGINA MO, Eros…” bulong niya.

“Sir, approaching flyover. One narrow lane ahead.”

Maliit ang daan. Isang linya lang halos.

Kapag naipit doon ang kotse—

Wala na silang takas.

“Good,” sabi ni Alejandro.

Sa kabilang sasakyan—

Napansin din ni Eros ang flyover.

Napangisi siya ulit.

Sa likod ng kotse—

Lumapit na ulit ang SUV ni Alejandro.

Halos bumper to bumper na.

Sa loob, si Sabrina umiiyak ng tahimik, takot na takot sa dalawang lalaking parehong hindi marunong umatras—

SAMANTALA...

Samantala, mabilis na tumatakbo ang motor ni Ismael..

Biglang may humarang sa harap niya—dalawang motorsiklo rin, nakapwesto sa gitna ng kalsada.

“Fuck!” napamura si Ismael habang nag-preno sandali.

Habang lumalapit, bumaba ang helmet ng dalawang rider—at napangisi na lang si Ismael.

“Oi, Ismael! Long time no see...” bati ni Damon, nakangisi sa tabi ng kakambal niyang si Darius.

“Baliw pa rin kayo ng kakambal mo hanggang ngayon,” dagdag ni Darius.

“Tabi, huwag kayong makekealam,” mahinang sabi ni Ismael, nakangisi rin.

“Grabe ka naman… parang wala naman tayong pinagsamahan kung itaboy mo kami,” natatawa pa ni Damon.

“Dehado na si Alejandro. Pinagtutulungan niyo na siya… 3 vs 1. Parang ang daya naman ata,” dagdag

komento pa ni Damon..

Ngunit napangisi lang si Ismael. Malamig pa rin ang aura niya.

“Alam namin na nakaabang ang Kuya Atlas niyo para pasakayin sila Eros at Sabrina sa helicopter,” dagdag pa ni Damon..

Natawa si Ismael, halatang impressed..

“Ang galing niyo… paano niyo nalaman yun?” tanong niya, habang ang mata niya nakatutok sa dalawang kambal.

Napangisi si Ismael, malamig at confident, habang nakatingin sa kambal—Damon at Darius—na humarang sa kanyang daan.

“Ayaw sana namin makealam pero…” sabi ni Damon, bahagyang seryoso.
“Ka-schoolmate Kasi namin yung pinag aagawan niyo,” dagdag ni Darius.

“‘Tigilan niyo na siya… kawawa na nga yung babae kay Alejandro..” halatang may halong biro at concern, ang tono nila, para i-distract lang si Ismael.

Natawa si Ismael..

“Kawawa?? Saan mo naman nakuha yang salita na yan…” malamig niyang sagot, may halong pang-aasar din.

Napatingin siya sa magkakapatid, bahagyang napangisi.

Mayamaya may dinukot sa bulsa..

Isang cellphone.

may tinawagan.

Kuya Atlas Hindi na ako makakasunod may humarang na sakin.

48

Umingit ang gulong ng sports car habang papalapit sila sa lumang pier.

Sa likod, dikit pa rin ang SUV ni Alejandro.

“Sir, we’re closing in!” sigaw ng tauhan niya.

Pero bago pa sila makalapit—

Isang malakas na ugong ang narinig mula sa itaas.

Isang itim na helicopter ang bumaba mula sa itaas, umiikot ang ilaw nito sa madilim na pantalan.

Napamura ang isa sa mga tauhan ni Alejandro.

Sa gilid ng pier, biglang nagpreno si Eros.

“Right on time,” bulong niya.

Bumukas ang pinto ng helicopter.

Isang matangkad na lalaki ang nakatayo roon, kalmado, parang sanay sa gulong ganito.

Si Atlas, ang kuya ni Eros.

Malamig ang tingin.

“Board. Now,” utos niya.

Hinila ni Eros si Sabrina palabas ng kotse. Nanginginig pa rin ito, halos hindi makapaniwala sa nangyayari.

“K-kuya Atlas…” mahinang sabi niya, takot at gulat ang halo sa boses.

Isang saglit lang siyang tinapunan ng tingin ni Atlas—hindi galit, pero hindi rin malambot.

“Stay down,” maikli niyang sagot.

Sa likod—

Huminto ang SUV ni Alejandro ilang metro lang ang layo.

Bumaba siya.

Mag-isa.

Kuyom ang kamao.

Nakatitig sa helicopter habang unti-unting tumataas.

Ang hangin mula sa rotor blades ay nagpapagalaw sa buhok niya, pero hindi siya umatras.

Sa itaas—

Nakaupo na sina Eros at Sabrina sa loob.

Nakatingin si Eros pababa, diretso kay Alejandro.

Ngumisi siya.

“Game’s over,” bulong niya.

Pero sa ibaba—

Hindi gumalaw si Alejandro.

Hindi siya sumigaw.

Hindi siya nagwala.

Mas lalo lang siyang naging tahimik.

At iyon ang mas delikado.

Mag-isa siya sa laban sa magkakapatid ngayon.

“Check niyo yung location kung saan sila bababa,” malamig niyang utos sa mga tauhan sa earpiece.

“Copy, sir!” agad ang sagot ng mga nakadispersed na tauhan—mga motorsiklo at SUV, nakaposisyon sa mga posibleng exit routes at landing zones.

Tahimik lang si Alejandro, nakatingin sa helicopter habang ini-analyze ang bawat galaw—kung kailan sila bababa, kung aling exit ang pinakamadali nilang maabot, at kung saan puwede niyang i-deploy ang mga tactical units nang hindi nahuhuli ang timing.

Sa isip niya—ang bawat segundo ay mahalaga. Isa lang ang pagkakamali, at mawawala si Sabrina sa kanya.

“Focus,” bulong niya sa sarili. “Hindi puwede maging mali ang galaw ng kahit sino sa atin ngayon.”

Sa pier, ang mga tauhan niya ay naka-alert mode, naka-earpiece, nakahanda sa anumang maneuver na ipapasa ni Alejandro.

Sa loob ng helicopter, tahimik ang paligid, tanging ang ugong ng rotor ang maririnig.

“Kuya… salamat,” mahinang sabi ni Eros, nakatingin kay Atlas habang hawak ang kontrol ng helicopter.

Napatingin si Atlas kay Eros at kay Sabrina. Tahimik siya, malalim ang pag-iisip.

“Ako na ang bahala magpaliwanag kay Anastasia… basta huwag mong lolokohin si Sabrina,” mahinang

sabi ni Atlas, halatang seryoso sa kanyang utos.

Si Sabrina, nanginginig, halos hindi makapaniwala sa bigat ng sitwasyon.

“Pagbaba… andun na yung judge na magkakasal sa inyo,” dagdag ni Atlas, malakas ang dating—ang linyang iyon ay may halong babala at responsibilidad.

"H-hindi… “Kuya Atlas, ayoko po magpakasal kay Eros!!” naluluha si Sabrina habang nagsasalita.

Tiningnan lang siya ni Atlas, walang galit—tanging malamig at maayos na tingin.

Pagkatapos, muling lumingon kay Eros.
“Hanggang doon nalang ang maitutulong ko,” malamig ngunit malinaw ang tono niya.

Si Sabrina, halos mapaiyak sa takot at kawalan ng kontrol, ramdam ang bigat ng sitwasyon—nasa helicopter siya, hawak ni Eros, at ang desisyon ng kapatid nito ay nakatali sa kinabukasan niya.

Ang helicopter ay patuloy na lumilipad, nakataas, mabilis, at walang lugar para makalayo si Sabrina sa pangyayari.

Pagkatapos bumaba ang helicopter sa isang secluded landing zone, mabilis na inihanda ni Eros ang waiting black SUV.
“Pasok..” utos niya kay Sabrina habang binubuksan ang pinto.

Takot at kaba pa rin ang nararamdaman ni Sabrina, nanginginig ang mga kamay, ngunit walang magawa kundi sundin ang galaw ni Eros.

Sa loob ng kotse, tahimik ang biyahe—ang makina lang ang ugong, at ang mata ni Eros ay palaging nakatutok sa daan.

“Pagdating Natin doon… mabilis lang,” malamig niyang sabi.

“Pipirma ka lang kay Judge, tapos ok na mag asawa na tayo.”

Wala ring pagkakataon si Alejandro na makagambala.

Naiiyak Lang si Sabrina, Hindi na makasagot.

Pagkatapos, agad siyang dinala sa safehouse ni Eros—isang malaking compound na puno ng security, malalakas na tao at advanced surveillance.

Pagpasok nila sa compound, bumungad ang maraming tauhan ni Eros—nakasuot ng tactical gear, handa sa anumang banta.

Sina Sabrina at Eros, nakatayo sa loob ng safehouse. Tahimik si Sabrina, nanginginig pa rin sa takot..iniisip Kong paano siya makakatakas.

Si Eros, kalmado at confident, tinitingnan ang paligid—lahat ng tao niya ay naka-alert, nakatutok sa anumang posibleng panganib, handa sa anumang galaw ni Alejandro.

“Relax lang,” mahinang sabi ni Eros kay Sabrina, halatang gusto niyang pakalmahin.

“Walang makakagambala satin dito.”

Lumipas ang ilang minuto..

Tahimik ang safehouse. Si Sabrina, nakaupo sa sofa, nanginginig pa rin sa kaba. Ang mata niya ay nakatuon sa bawat galaw ni Eros, pati sa bawat tauhan na nagmamasid sa kanya.

Lumabas si Eros, para kausapin ang Mga Tao niya.. naiwan si Sabrina pati Yung isang tauhan ni Eros..

Biglang lumapit ang ito Kay Sabrina—

“Maam … ,” mahinang sabi niya, halos bulong lang para walang makarinig, sabay akay sa kanya papunta sa gilid.

Napatingin si Sabrina halos hindi makapaniwala.

Nagkaroon siya ng pag asa..

“Doon sa maintenance room, may exit sa likod. Walang CCTV coverage doon. Pero… kailangan mo magmadali,” sabi ng tauhan ni Eros na bumabaligtad sa amo, binubuksan ang maliit na pinto sa gilid ng hallway.

Agad na sumunod si Sabrina..

Kalmado, pero alerto, dahan-dahang naglakad si Sabrina, pilit iniwasan ang bawat mata ng guard at tauhan ni Eros. Sa bawat hakbang, naririnig niya ang tibok ng puso niya—ang hangin mula sa rotor blades ng helicopter sa rooftop compound ay parang nakakadagdag ng tensyon.

Pagdating sa maintenance room, mabilis na tinanggal ng tauhan ang maliit na lock sa exit door at iniwan siyang nakatayo sa threshold.

“Go. Takbo na...andyan na si Master alejandro.. sasalubungin ka niya...” sabi niya tapos Binaril ang sarili sa braso, dalawang beses na kinalaki ng Mata ni sabrina...

"T-takbo na Ma'am!!"

Marahang siyang huminga...

"S-salamat..."
at tumakbo sa madilim na backyard.

Ang compound ay puno ng tactical guards, ngunit sa likod ng maintenance wall, walang makakita.

Tumakbo siya patungo sa kakahuyan sa labas ng compound, pawis at nanginginig sa kaba, pero ramdam niya ang kalayaan sa bawat hakbang.

Sa dilim, nakarinig siya ng ingay ng helicopter at kotse, pero nakatuon siya sa pagtakbo.

“Alejandro...” naiiyak na bulong niya sa sarili, inaaninag ang paligid, hinahanap si Alejandro.

Sa loob ng kakahuyan, unti-unti siyang nawawala sa view ng safehouse—pero alam niyang hindi pa tapos ang labanan.

Habang tumatakbo si Sabrina sa kakahuyan, mabilis ang puso niya, pawis sa noo, at ang mga mata niya ay nakatuon sa liwanag ng buwan na bahagyang dumadaan sa mga sanga.

Ngunit bago pa man siya makalayo nang husto, biglang sumalpak siya sa matigas na bagay.

Automatic na niyakap siya nito ng mahigpit—

si Alejandro.

“Sabrina!!!” ramdam ang init at lakas ng dibdib niya.

Habang niyayakap siya, unti-unting nakakalimot si Sabrina sa takot, niyakap rin niya pabalik si Alejandro, kahit ramdam niya ang tensyon at galit sa bawat ugat ng braso ng lalaki.

“A-Alejandro… ilayo mo na ako dito, please,” mahina niyang sambit, habang umiiyak, nanginginig pa rin sa takot at kaba.

Ngunit si Alejandro, hindi agad bumitaw. Ang mga mata niya ay nakatuon sa paligid, alerto, habang ramdam niya ang tensyon—ang paligid ay puno ng panganib dahil paparating na ang mga tauhan niya.

“tara na..” malamig ngunit may halong pag-aalala sa boses ni Alejandro..

Sa loob ng safehouse, si Eros, abala sa pag-check ng front gate at helicopter landing zone, hindi napapansin ang maliit na movement sa likod. Ang mga spy ni Alejandro, silent at methodical, nag-aadjust sa bawat galaw, handang alertuhin si Alejandro sa tamang timing para sa interception.

Hindi niya alam na ang babaeng gusto niyang pakasalan ay nakatakas na..

49

Hawak niya ang kamay ko ng mahigpit—parang ayaw na talaga akong bitawan. Ramdam ko ang init at lakas ng braso niya,

Napakahigpit.

Nakakakaba.

Dinala niya ako sa kotse, at pag-bukas ko ng pinto… napatitig ako kay Sarah. Ang puso ko, parang tumibok ng mabilis.

“Sarah, dalhin mo na siya sa resthouse,” utos niya kay Sarah. Ang boses niya… malamig, kalmado, pero may bigat na hindi ko maintindihan.

Nanlalaki ang mga mata ko. Gusto kong magsalita, gusto kong magtanong, pero pinili kong manahimik nalang muna. Ibig bang sabihin nun… siya ang lalaking… umangkin sa akin? Ang mga mata niya… ang Bawat titig niya sakin ngayon may halong control at proteksyon.

Akmang bibitawan niya ang kamay ko… pero mabilis kong hinawakan yun..

“S-sumama ka na…A-alejandro..” nanginginig kong sabi, hindi lang sa kaba, kundi sa tensyon na ramdam ko sa paligid, Pilit kong tinatawag Ito sa pangalan dahil parang pagkatapos ng lahat parang ayoko na siyang maging kuya.

“Susunod ako,” sagot niya lang, habang hawak ang baril niya sa kabilang kamay, alerto sa kahit anong banta.

“Alejandro!!” sigaw ko, Nang mabilis niyang sinara ang pinto ng kotse at tumalikod. Seryosong seryoso siya Ramdam ko ang tibok ng puso ko, at halos hindi ko ma-control ang halo ng takot at relief na nararamdaman ko sa parehong oras..

Pero habang nakaupo sa kotse, sa kabila ng takot at kaba, may Malaking pakiramdam ako ng seguridad—dahil alam kong malayo na ako sa panganib, ramdam ko na handa niyang gawin ang lahat para protektahan ako.

THIRD POV..

Samantala…

Kuyom ang kamao ni Anastasia habang naglalakad sa sala. Katatanggap lang niya ng tawag mula sa ama niyang si Asmodeus. Maikli. Malamig. At puno ng babala para sa asawa niyang si Atlas.

Hawak pa rin niya ang cellphone habang paulit-ulit niyang tinatawagan ang kapatid niya—pero walang sumasagot.
Napatingin siya sa kwarto kung saan natutulog ang mga anak nila ni Atlas. Tahimik. Payapa.

Kabaligtaran ng bagyong nasa dibdib niya.

Maya-maya—

Narinig niya ang pagbukas ng gate.
Ang pagpasok ng sasakyan.
At ang pagsara nito.

Tumayo siya. Hindi gumalaw. Hindi huminga nang malalim.

Nang bumukas ang pinto at pumasok si Atlas, kalmado pa rin ang aura—

Isang malakas na sampal agad ang tumama sa kanya.

“WHAT THE—”

Naputol ang sasabihin niya nang makita ang mukha ni Anastasia.

Galit na galit. Nanginginig. Namumula ang mga mata.

“Pinagtutulungan niyo ang kapatid ko, Atlas!!” sigaw niya, basag ang boses.

“Bakit kailangan mo pang makialam?!”
Tahimik si Atlas. Hindi gumanti. Hindi sumigaw.

Hinimas lang niya ang pisngi niyang tinamaan.

Huminga nang malalim si Atlas at sapilitang niyakap si Anastasia.

“Sorry… sweetheart…” mahina niyang sabi.

“Hindi! Bitawan mo ako!” tinulak siya ni Anastasia, umiiyak. “Huwag ka munang tatabi sa’kin ngayon!”

Namumula ang mga mata niya, nanginginig ang balikat.

“Pinagtutulungan niyo yung kapatid ko! Bakit hindi niyo hayaan na sila Eros at Alejandro lang? Dalawa pa kayo ni Ismael! Kapag may nangyaring masama sa kapatid ko—”

Huminto siya saglit, halos hindi makapagsalita sa galit at sakit.

“Maghihiwalay tayo!!!”

Tumakbo siya papasok ng kwarto at malakas na isinara ang pinto.

NagLock.

Tahimik ang buong bahay.

Pabagsak na umupo si Atlas sa sofa. Hindi siya sanay mawalan ng kontrol—pero ngayon, parang lahat dumudulas sa kamay niya.

Mula sa loob ng kwarto, mahina ang iyak ni Anastasia.

Pinikit ni Atlas ang mga mata niya sandali.

Pagkatapos—

Dinampot niya ang cellphone.

Tinawagan niya ang isa sa mga tauhan niyang pinahiram niya kay Eros.

Sa kabilang linya, puro putukan at sigawan ang maririnig.

“Sir! Nandito na po kami! Nagkakaputukan na po—”

“Umalis na kayo diyan ngayon,” malamig na utos ni Atlas.

“Pero sir—”

“Iwanan niyo na si Eros.”

“Sir, nagkakaputukan na po dito! Madami pong dumadating pa na tao nung alejandro..”

“I don’t fucking care!” sumabog ang boses ni Atlas, ngunit kontrolado pa rin. “Gawin niyo ang utos ko kung ayaw niyong lahat kayo mamatay!”

Tahimik sandali ang kabilang linya.

“S-sige po, sir…”

Pinatay ni Atlas ang tawag.

Alam niyang sa sandaling ito, magagalit si Eros kapag nalaman niyang binawi niya ang mga tauhan.

Pero mas mahalaga sa kanya ang isang bagay—

Hindi siya papayag na magalit ng tuluyan ang asawa.

At lalong hindi siya papayag na mawala si Anastasia dahil sa digmaan ng kapatid niya at ang Bunsong kapatid nito.

Sa kabilang dulo ng lungsod—

Habang unti-unting umaalis ang ilan sa mga tauhan ni Atlas sa safehouse—

Unti-unting nababawasan ang backup ni Eros.

Sa gitna ng usok at nagkakagulong tauhan sa bakuran ng safehouse—

Unti-unting tumahimik ang putukan.
Isa-isang umatras ang mga tauhan ni Atlas.

Si Eros….

Hawak ang baril. Pawis sa noo. Pero nakangisi pa rin.

Mula sa usok ng bakuran, may isang aninong lumapit. Mabagal. Sigurado ang hakbang.

Si Alejandro.

Walang takot sa mga mata. Walang pag-aalinlangan.

“Natalo na kita Eros..” malamig niyang sabi.

Napangisi si Eros.

“Really...” Sagot niya kay Alejandro Ibinaba niya ang baril. Ibinato sa damuhan, tapos nag hubad ng damit, isang hamon kay alejandro.

Saglit na nagkatinginan ang dalawa. Parehong matangkad. Parehong sanay sa laban. Parehong hindi marunong umatras.

Si Alejandro Naman Dahan-dahang tinanggal ang jacket niya.

“Dapat noon pa natin ‘to tinapos.”

Unang sumugod si Eros.

Isang mabilis na suntok—naiwasan ni Alejandro. Sinuntok niya agad sa tagiliran si eros. Napaatras si Eros ng kalahating hakbang pero ngumisi lang.

“Yan lang?” Mayabang na Sabi pa nito, tahimik Lang si Alejandro.

Sumugod Si Eros. Mas mabigat. Mas brutal.

Nagpalitan sila ng suntok— Puro lakas. Puro galit..

Tumama ang kamao ni Alejandro sa panga ni Eros. Napaling ang ulo nito. May bahagyang dugo sa labi.

Ngunit ngumisi pa rin siya.
“Alam mo kung bakit hindi ka mananalo sakin?” hingal na sabi ni Eros.
Sumagot si Alejandro ng isang tuhod sa tiyan. Napayuko si Eros.

“Ikaw ang talo, Eros,” malamig na sagot ni Alejandro. “tumigil kana..”

Biglang bumwelo si Eros—malakas na suntok sa mukha ni Alejandro. Pareho silang natumba.

Gumulong. Parehong sugatan. Parehong humihingal.

Sa sandaling iyon—

Dalawang lalaking parehong handang sirain ang sarili para sa iisang babae.

Sa huli—

Naipit ni Alejandro si Eros sa lupa. Nakadiin ang braso sa leeg nito.

“Tapusin mo na,” hingal na sabi ni Eros, pero mayabang pa rin ang ngiti.

Hindi sumuntok si Alejandro.
Nananaig parin ang dating pagkakaibigan nila.
Bagkus, mas diniinan lang niya sandali—para iparamdam na siya na ang panalo.
Pagkatapos, binitawan niya.

Tumayo siya.

“Kapag nilapitan mo ulit si Sabrina…” malamig niyang sabi,

“Doon nalang kita papatayin...”

Naiwan si Eros sa damuhan. Sugatan. Hingal.

Ngunit habang nakahiga siya—
Unti-unting nawala ang ngisi niya.

Dahil ngayon…
Hindi na laro ang laban.
At alam niyang sa unang pagkakataon—
Natalo siya.

Tumayo Siya, balak sagasaan si alejandro

Sumakay si Eros sa kotse niya, galit na galit. Hindi niya matanggap ang pagkatalo.

“Hindi pa ito tapos, Alejandro!” sigaw niya habang pinapaandar ang sasakyan

Samantala…

Habang papalayo si Alejandro, may narinig siyang makina.

Mabilis. Matinis. Parang humahabol sa hangin.

Napalingon siya.

Headlights.

Diretso sa kanya.

Alam niyang hindi titigil si Eros hangga't hindi siya nakakaganti.

Mabilis siyang umatras sa gilid ng kalsada..

Nagderederetso ang sasakyan ni Eros sa madilim na highway palabas ng gate—pagewang-gewang, halatang may problema.

Walang kontrol.

Walang preno.

Mabilis. Delikado.

"FUCK!!" galit na mura ni Eros habang pilit nakinakabig ang manibela.

Ayaw niyang tumigil.

Ayaw niyang magmukhang talunan.

Pero hindi siya sinusunod ng sasakyan.

Tinapakan niya ang preno—walang kapit.

Isang matarik na kurbada ang paparating.

"Come on… come on!"

Pinilit niyang inabig pakaliwa.

Saglit na kumapit ang gulong—
Pagkatapos, dumulas.

Nawalan ng balanse ang kotse.

Umikot..

Isang beses.

Dalawa.
Sumalpok sa barrier sa gilid ng highway.
Tahimik ang gabi pagkatapos ng malakas na tunog ng bakal na nagbanggaan.

Usok ang unti-unting pumuno sa paligid.
Huminto ang mundo.

Nakahinto si Alejandro ilang metro ang layo.

Nanigas siya sandali.

Hindi niya ginusto ‘to.

Hindi niya hiniling ‘to.

Pero nang makita niyang hindi na gumagalaw ang sasakyan—

Tumakbo siya pabalik.
“Eros!”

May mahinang paggalaw sa loob.

Hindi sumasagot.

Nakayuko ang ulo ni Eros, hawak pa rin ang manibela.

“Eros!”
Saglit na gumalaw ang kamay nito—
Pagkatapos….

Tumahimik..

Duguan siya malala dahil sa pagkakahampas din ng ulo niya, naipit ang hita niya sa pagitan ng upuan at metal frame. Hindi siya makagalaw.

Tinitigan siya ni Alejandro.

Maraming emosyon sa mukha niya—galit, awa, pagod.

Pero sa huli—

Tinulungan pa rin niya.

Hindi niya kayang iwan si Eros para mamatay.

Dati din silang naging magkaibigan bago pa dumating si Sabrina, bago pa sila pag hiwa hiwalayin ng

mga parents nila dahil sakit ng ulo sila sa school..

Dati silang magkakasama..

Sila Damon, Darius, Alejandro, Eros at ismael.

50

"Anong lagay ng anak ko?"
Mariing tanong ni Azrael sa doktor habang mahigpit na hawak ang nanginginig na kamay ng asawa niyang si Sienna.

Umiiyak ito. Tahimik. Nanginginig.
Sa kabilang gilid ng hallway, nakatayo si Alejandro.

May dugo pa ang damit niya-dugo ni Eros.

Hindi niya ininda ang mga sugat sa braso at pasa. Hindi niya naramdaman ang hapdi.

Sa likod niya, seryosong nakatayo si Asmodues at katabi nito si Zamara.

Tahimik ang buong corridor.

Tanging tunog ng monitor mula sa ICU ang maririnig.

Huminga nang malalim ang doktor bago nagsalita.

"Critical ang kondisyon niya, Mr. Azrael."
Mas lalong napahigpit ang kapit ni Azrael sa kamay ni Sienna.

"May matinding tama sa ulo dahil sa impact. May internal bleeding na naagapan naman sa operasyon, pero..."

"Pero ano?!" halos sumabog ang boses ni Azrael.

"Comatose po siya ngayon."
Parang tumigil ang mundo.

Napa-upo si Sienna sa upuan sa likod niya habang tuluyang napahagulhol.

Lumapit si Asmodeus..

"May tsansa ba?" mahinang tanong ni Asmodues, pero may bigat.

"May tsansa. Bata pa siya. Malakas ang katawan. Pero kailangan natin maghintay. Ang susunod na dalawampu't apat na oras ang pinaka-kritikal."

Napapikit si Alejandro.

Sa isip niya, paulit-ulit ang eksena.
Kung paano nangyari yun.

Unti-unting napalingon si Azrael kay Alejandro.

Mabigat.

Malamig.

"Buhay siya dahil inilabas mo siya sa sasakyan bago ito sumabog."

Napatitig si Alejandro Kay Azrael.

"Pero kung may mangyaring masama sa anak ko..."

"Hindi kasalanan ni Alejandro Yun, Azrael kayo ang unang nanghamon.." sabat ni Asmodues.

Tumingin si Asmodues kay Alejandro.
"Umuwi ka na muna, Alejandro."

Tumango lang si Alejandro, tahimik.
Walang tanong. Walang sagot. Tumalikod siya at lumabas na sa ospital.

Paglabas niya, nakarating na ang mga kaibigan ng ama niya at ng tito niyang si Azrael. Sila Javier, Ace, Damien
At ang kakambal ni Azrael, si Zephyr
Tahimik silang naglalakad sa gilid ng hallway.

Mabigat ang presensya nila.

Nilagpasan Lang sila ni Alejandro.

Si Alejandro, habang papalayo, naramdaman ang bigat ng tingin at ang pressure ng mga tao sa likod niya.

Lahat ng mata nakatutok sa kanya-kahit walang nagsasalita.

Samantala…
“Kumain ka na...” sabi ni Sarah, habang nakaupo sa sofa sa resthouse ni Alejandro.

“H-hindi pa ako nagugutom,” sagot ko, halatang kinakabahan.

Ngumiti si Sarah, nag-aalala pero pinipilit maging kalmado.

“Kinakabahan ka ba kay Master? Don’t worry… malakas siya. Hindi basta-basta mamamatay,” sabi niya, halatang gusto niya lang akong pakalmahin.

Tumayo ako at lumapit sa bintana.
Maraming tauhan ni Alejandro sa labas, naka-alert mode, hawak ang kanilang mga armas.

Lumipas ang ilang minuto… may dumaan na kotse papasok sa driveway.
Parang tumalon ang puso ko nang mapansin ko iyon.

“A-andyan na siya, Sarah!” bulong ko, hindi maitago ang kaba.

Lumapit siya sa tabi ko.

“Sabi ko sa’yo eh… malakas si Master, mautak pa. Kaya kahit anong mangyari, kakayanin niya yung magkakapatid na yun..” sabi niya nakangiti.

Tahimik kami saglit, nakatingin sa kotse na papalapit…

Mayamaya, may inabot sa akin si Sarah—isang red rectangular box.

“Ikaw na ang gumamot sa mga sugat niya,” nakangiting paring sabi niya..

Tinanggap ko ang box at tumango, pilit pinipigilan ang kaba na nararamdam ko.

Saktong bumukas ang pinto at pumasok si Alejandro sa resthouse.

May pasa sa panga. Ilang galos sa mukha.
Nakatingin sa paligid, Agad na lumibot ang tingin at huminto yun sakin..

Tahimik lang siya.

Pero ramdam kong malalim ang iniisip Niya..

Walang nagsalita sa simula, puro tensyon lang ang nakapalibot.

Lumapit siya sa akin.
Walang sinasabi, diretso lang—niyakap ako.

Idinikit niya ang mukha ko sa dibdib niya, at para bang doon niya hinahanap ang konting katahimikan sa mundo.

Natigilan ako sandali… hindi ko alam kung paano tutugon sa bigat ng presensya niya.

“U-umupo ka, gagamutin ko yang mga pasa at galos mo,” mahina kong sabi, pilit pinipigil ang kaba.

Lumapit siya sa sofa, umupo…
Pero hindi ko inaasahan—sa pag-upo niya, isinama niya ako pabagsak sa kandungan niya..

Tahimik lang kami, ngunit ramdam ang bawat tibok ng puso niya sa dibdib ko.
Dahan-dahan niya akong niyakap ulit, sumubsob sa leeg ko..

“A-Alejandro…”

“I’m tired,” bulong niya, mahina, puno ng kahinaan at galit sa sarili.

Huminga ako nang malalim, dahan-dahang hinaplos ang likod niya.
“Shh… Matulog kana muna,” sagot ko, pilit pinapakalma hindi lang siya kundi pati ang tibok ng sarili kong puso.

Tahimik lang kami saglit…
Para bang sa momentong iyon, wala nang mundo sa labas.

O-okay ka lang…? tanong ko nang dahan-dahan, hawak ang braso niya.
Ngunit mayamaya, kumilos siya—halos mapatili pa ako nang tumayo siya, buhat-buhat ako..

“A-anong ginagawa mo?!” gulat Kong sabi, kinakabahan parin sa galawan niya.

“Matutulog lang tayo,” sagot niya, kalmado pero may tinatagong pagod na ramdam mo sa bawat salita.

Binuksan niya ang pinto ng kwarto, isinara gamit ang paa, at humiga sa kama—kasama ako.

Pinakiramdaman ko ang mahigpit niyang yakap sa bewang ko. Parang ayaw akong pakawalan kahit saglit lang.

“Alejandro…?” bulong ko, mahina.

“Hmm?” sagot niya, halos bulong.

“Gagamutin muna kita bago ka matulog.”
Hindi na siya sumagot.

“Oi…?” muling tanong ko, dahan-dahang humihinga.

Walang sagot.

Sandali lang, may narinig akong mahina niyang pag-hilik…

Siguro sa sobrang pagod, nakatulog na siya habang yakap ako ng mahigpit.

Tahimik ang kwarto. Ang tanging tunog, ang hininga niya at ang tibok ng puso ko na ramdam ko sa bawat yakap.

Lumipas ang ilang araw matapos ang aksidente.

Si Eros ay nakaligtas sa critical stage, ngunit comatose pa rin.

Walang makakapagsabi kung kailan siya magigising—ang tanging alam lang, kailangan siyang bantayan ng mahigpit, at may mga therapist na magbibigay ng 24/7 na pangangalaga sa kanyang katawan.

Si Azrael, nagdesisyon na mag-hire ng espesyal na tagapangalaga.

Ang napili niya ay si Rica—22 taong gulang, bihasa sa physical therapy at rehabilitasyon...

Sa unang araw ng duty ni Rica, ramdam agad ang bigat ng responsibilidad.

Si Rica ang magiging tagapangalaga ni Eros at ang therapist na tututok sa bawat sugat at galos, lalo na sa tuhod na nasaktan ng malubha.

Sa loob ng pribadong kwarto ni Eros, tahimik at malamig ang paligid.
Ang kama niya ay pinapaligiran ng monitor at mga medical device.

Si Rica, maingat na nakasuot ng gloves at uniform, dahan-dahang nilalapitan si Eros.

Naiwan na silang dalawa ni Eros sa kwarto nito..

“Okay po, Master Eros… simulan na po natin ang therapy,” bulong niya sa sarili, habang ini-assess ang tuhod at mga galos.

Kinakausap ang binatang malalim na natutulog..

Dahan-dahang hinawakan niya ang tuhod ni Eros, simula ng massage at gentle stretching.

Si Eros, nakahiga, ngunit ramdam ni Rica ang tensyon at lakas ng katawan niya—

“Sayang ang pogi mo pa Naman!! Kailangan mong gumising, Mahal na prinsipe...” bulong ni Rica habang nagma-massage napapangiti..

Tahimik siyang nagpatuloy, maingat ang bawat galaw at haplos para sa recovery ni Eros.

51

“Iuwi mo na si Sabrina dito, Alejandro.”

Mariing sabi ni Zamara sa kabilang linya.

Kasalukuyang nasa resthouse pa rin sila. Nakahiga si Alejandro sa kama, nakatitig sa pinto ng banyo kung saan naliligo si Sabrina.

Pinababa na niya ang alert ng security. Pinaalis na rin si Sarah dahil tapos na ang serbisyo nito.

Ngayon… silang dalawa na lang ang nasa resthouse.

“Not yet, Mommy,” kalmadong sagot niya.

“A-anong not yet, Alejandro?! Iuwi mo na si Sabrina! Ang bata pa niya!”

“She’s 18, Mom. Hindi na siya bata,” paalala niya, malamig ang tono.

“Kahit na! Mag-aaral muna siya! Kailangan niya munang magtapos bago kayo gumawa ng kung ano-ano!” inis na sagot ni Zamara.

Mahina siyang natawa.

“Mommy, kung magbubuntis—”

“Alejandro!”

“Fine, Mom,” sagot na lang niya, bahagyang napailing.

Binaba niya ang tawag.

Saktong bumukas ang pinto ng banyo.

Lumabas si Sabrina, basa pa ang buhok, hawak ang tuwalya.

Napatingin siya rito.

“A-ano ‘yon?” tanong ni Sabrina, napansin ang titig niya.

Hindi agad sumagot si Alejandro.

May kung anong seryosong desisyon na sa mga mata niya.

“Mommy wants us home,” mahinahon niyang sabi.

Tahimik ang pagitan nila.

“Magbihis ka na. Mag-uusap tayo.”

Malamig pero kontrolado ang boses ni Alejandro.

Iniabot niya kay Sabrina ang mga damit bago tumalikod at naglakad papunta sa sala. Mabigat ang bawat hakbang niya, parang may pasan na hindi niya maibaba.

Sa loob ng kwarto, nanginginig ang mga daliri ni Sabrina habang isinusuot ang damit. Hindi niya maintindihan kung bakit biglang bumigat ang hangin sa pagitan nila.

Matapos makapagbihis…

Dahan-dahan siyang lumabas at lumapit sa sala.

Naka-upo si Alejandro sa sofa, bahagyang nakayuko, magkasalikop ang mga daliri. Hindi ito gumagalaw—parang nag-iipon ng lakas ng loob.

“Let’s talk,” mahina pero diretso niyang sabi.

Umupo si Sabrina sa tapat niya.

Tahimik.

“A-Alejandro…” halos pabulong ang boses niya.

Unti-unting nag-angat ng tingin si Alejandro.

Diretsong tumama ang mga mata niya kay Sabrina.

“Ako ang lalaking gumalaw sa’yo, Sabrina.”

Napasinghap siya.

Parang huminto ang tibok ng puso niya.

Namuo ang luha sa mga mata niya at mabilis siyang umiwas ng tingin, nanginginig ang mga labi.

“K-kuya… bakit…?”

Huminga siya nang malalim.

“Ginawa ko ’yon dahil mahal kita.”

Napalunok si Sabrina.

“Hindi bilang kapatid,” dagdag niya, mas mariin ang tono. “Mahal kita bilang isang babae.”

Parang bumagsak ang mundo sa pagitan nila.

Tahimik.

Mabigat.

At puno ng hindi na maibabalik na katotohanan.

“Mag-file ka ng kaso laban sa’kin,” bigla niyang sabi.

Mababa ang boses ni Alejandro, pero walang pag-aalinlangan.

“Okay lang. Tatanggapin ko ang parusa ko.”

Napatingin si Sabrina sa kanya, nangingilid ang luha. Bumuka ang labi niya pero walang salitang lumabas.

“Akin ka lang, Sabrina,” dugtong niya, mas lalong tumalim ang tingin. “Ayokong may ibang umaangkin sa’yo.”

Parang may humigpit sa dibdib niya.

Dahan-dahang tumango si Sabrina… pero hindi iyon pagsang-ayon—kundi pag-amin na pagod na siyang itago ang nararamdaman.

Tumingin siya ulit kay Alejandro.

Diretso.

Matapang.

“Ang totoo…” nanginginig ang boses niya. “Pinipigilan ko ang sarili kong gustuhin ka.”

Napakurap si Alejandro.

“Kasi Kuya kita,” patuloy niya, bumabagsak ang mga luha. “Kasi mali. Kasi bawal.”

Napapikit siya sandali bago muling nag-angat ng tingin.

“Pero nung nasa poder ako ni Eros…”

Kinuha niya ang maliit na bote ng gamot, kumuha dito nang maayos, saka tusok ulit sa braso ni Eros—ngayon ay maingat na, pero may kaunting gigil pa rin.

Napatitig siya saglit kay Eros. Mukha pa rin nito ay payapa, pilikmata na mahaba. Napapangiti siya nang dahan-dahan, yung ngiti na may halong malisya at kalokohan.

“Kapag hinalikan ko kaya 'to... magigising kaya siya?” tanong niya sa sarili, boses na halos bulong na lang.

Lumapit siya nang kaunti, mukha ay ilang sentimetro na lang ang layo sa mukha ni Eros. Hinawakan niya ang pisngi nito nang mahina—malamig pa rin, pero hindi na kasing lamig noong una.

“Grabe... kahit comatose ka, ang gwapo mo pa rin,” bulong niya, sabay haplos sa buhok nito.

“Pero wag kang mag-alala... aalagaan kita..para pag gising mo pogi ka parin..”
Natatawa siya nang mahina sa sarili, Lumayo siya nang kaunti, inayos ang kumot sa dibdib ni Eros, saka bumalik sa upuan sa gilid.

Pero mayamaya Lumapit Siya..

“Magising ka na, Master para makuha ko na Yung bonus ko, I need money!!” sabi niya nang mahina habang hinahawakan ang kamay nito.

Nakatayo Lang siya sa gilid. Napapaisip siya habang nakatitig sa mukha nito—payapa pa rin, pilikmata na mahaba, labing nakatikom. Parang natutulog lang talaga, kung hindi lang sa mga monitor na patuloy ang beep.

“Alam mo ba yung sa Sleeping Beauty?” tanong niya kay Eros na comatose, parang kausap niya talaga kahit alam niyang hindi makakasagot. “Hinalikan lang yun, nagising ehh... try ko kaya sayo?”

Sabay lapit ng mukha niya sa mukha ni Eros. Unti-unting bumababa ang labi niya, halos magdikit na—hanggang sa konting nalang, biglang bumukas ang pinto.

“Ay lintik!” mahinang bulong ni Rica, agad na napayuko siya kunwari may hinahanap sa ilalim ng kama ni Eros. Nagkunwaring nag-aayos ng kumot o tinitingnan ang IV line, pero halatang kinakabahan. Mukha niya ay namumula nang todo, pero sinubukan niyang maging casual.

Lumapit si Bea— nakangisi nang malapad habang nakatingin kay Rica.

“Oi, hahalikan mo si Eros? Nakita kita,” sabi ni Bea nang medyo malakas pero playful, sabay tawa nang mahina

“HINDI ahhh!!! Bakit ko naman hahalikan 'yan.”

Tsk, wag ako, girl... sagot ni Bea nang ngising-ngisi, sabay taas ng kilay na parang nagsasabing “*nakita ko na lahat*.”

May bisita si Eros, aniya sabay baling sa pinto.

Napanganga bahagya si Rica nang makita ang papasok—si Alejandro at si Sabrina, magkahawak kamay. Si Alejandro naka-suit pa rin, seryoso pero may lambing sa tingin kay Sabrina. Si Sabrina naman, mukha pa ring medyo namumula mula sa pag-iyak kanina, pero ngayon ay bahagyang nagulat din nang makita ang kwarto.

“Shit, ang gwapo!!!” mahinang bulong ni Rica, sabay atras sa gilid ng kama, parang biglang nahiya sa sarili. Napatingin siya sa magkahawak kamay nina Alejandro at Sabrina.

“*Siguro girlfriend niya...”* dagdag niya sa isip, pero hindi niya sinabi nang malakas.

Saglit lang silang nakatingin kay Eros—tahimik, walang malay pa rin—bago hilahin ni Bea si Sabrina palayo.

Pahiram muna si Sabrina, Alejandro, sabi ni Bea nang mabilis pero may ngiti.
Nagkatinginan pa sila ni Sabrina at Alejandro sandali—yung titig na parang nagsasabing “*okay lang ba?” at “sige, pero wag kang matagal”*
—bago binitawan ni Alejandro ang kamay niya.

Hinila ni Bea si Sabrina papunta sa kwarto nila ni Aziel.

Pagpasok nila, isinara ni Bea ang pinto nang mahina.

"Ano, girl? Nagustuhan mo ba ang gift ko sa'yo...?"tanong agad ni Bea, sabay upo sa maliit na sofa at tinitigan si Sabrina nang may kalokohan sa mata.

Namula nang husto si Sabrina, hanggang sa tenga.

"A-Ate Bea, bat naman ganun yung gift mo?! Mukha ba akong... ano ahm... anong tawag don...? Masarap???"

"Gaga, malibog yun!!"
pagkokorek ni Bea nang malakas na tawa, sabay hampas sa hita niya. “Gamitin mo yun Sabrina. boyfriend mo na si Alejandro! Dapat marunong Ka makasabay sa kalibugan nun!!”

"Gamitin mo 'yun pag aalis si Alejandro out of town para hindi mo siya ma-miss..."
Napakunot ang noo ni Sabrina, mukha ay halong gulat at kainosentehan parin nakatitig kay Bea.

“Ganun ba 'yun??” tanong niya nang mahina, boses na curious..

“Oo!!” sagot ni Bea nang mabilis, sabay lapit sa kanya at hinawakan ang braso niya nang excited.

“ Kapag wala si Alejandro, long distance kayo for days or weeks, tapos ikaw..gamitin mo yun pag namimiss mo siya..”

Namula nang todo si Sabrina, hanggang sa tenga na naman..

“Ate Bea naman!”

Tumawa nang malakas si Bea..

“Ano kaba, Normal lang sa babae yung ganun...akala mo ba lalaki Lang ang malilibog mas malibog tayong mga babae noh”

"Ha? I-ikaw lang yun ate.."

58

Matapos naming dalawin si Eros noong araw na ’yon, unti-unting bumalik sa normal ang mga araw namin ni Alejandro.

Bawal pa rin kaming magtabi sa iisang kwarto, ayon kay Mommy Zamara. Pero kapag malalim na ang gabi at tulog na ang lahat sa mansion, saka siya palihim na lumilipat sa kwarto ko. Tahimik siyang pumapasok, dahan-dahang hihiga sa tabi ko, yayakap mula sa likod, at marahang bubulong ng, “Good night, baby,” bago kami tuluyang lamunin ng antok.

Ngayon, nasa bahay ako ni Lorraine. Alas-dos pa lang ng hapon nang pauwiin kami ng professor dahil may sakit daw ang isa naming instructor. May dalawang oras pa bago ang “supposed” out ko na alas-kuwatro, at alam ni Alejandro na gano’n ang oras ng uwi ko.

Kaya naisipan ko siyang i-surprise.

Balak kong dumiretso sa opisina niya nang hindi niya alam. Gusto ko siyang makita ulit sa work mode—mas lalo kasi siyang gwapo kapag seryoso, lalo na kapag abala at dominante ang aura.

Nakatayo ako ngayon sa harap ng full-length mirror sa kwarto ni Lorraine. Suot ko ang pinahiram niyang outfit: maong skirt na hanggang kalahati ng hita—fitted pero hindi sobrang iksi—at isang black long-sleeve V-neck top. Medyo revealing ang hiwa sa dibdib dahil sa V-neck, pero nababalanse pa rin ng pagiging long-sleeve kaya classy pa rin ang dating.

“Bagay ba talaga sa ’kin, Lorraine?” nahihiyang tanong ko habang pinagmamasdan ang sarili sa salamin. Hinila ko nang kaunti ang laylayan ng skirt, tila ba umaasang hahaba pa ito kahit ilang sentimetro.

“Hindi ba masyadong… bastusin tingnan?”

Mula sa may pintuan, napangiti si Lorraine habang nakasandal at nakapamulsa. Kita sa mukha niya ang aliw.

“Hala ka! Hindi kaya!” natatawa niyang sagot sabay lapit sa akin para masuri ako mula ulo hanggang paa. “Bagay na bagay sa’yo. Ang linis tingnan, pero may dating.”

“Grabe, Sabrina,” dagdag pa niya, bahagyang ibinaba ang boses. “Ang sexy mo. Kaya baliw na baliw sa’yo ’yang boyfriend mo, eh.”

Bigla akong namula. “H-hindi naman…”

Mahina siyang tumawa at hinawakan ang balikat ko. “Girl, baka nga hindi na ’yan makapag-focus kapag nakita ka niya.”

Napatingin ulit ako sa salamin. Dahan-dahan kong iniikot ang katawan ko para makita pati likod. Totoo nga—hindi naman sobra ang reveal. May konting skin, pero classy pa rin. Hindi cheap. Hindi pilit. Parang may bagong aura—mas confident, mas mature.

Parang… ibang version ko.

“Sige,” bulong ko, pilit pinapakalma ang sarili kahit may kakaibang kilig sa dibdib. “Susuotin ko na ’to.”

At sa unang pagkakataon, hindi na ako nagdalawang-isip.

“’Yan! Huwag kang magpapatalo sa secretary niya!” pabirong sabi ni Lorraine, sabay kindat.

“At girl… kapag nakita ka ni Alejandro, sigurado hindi na ’yan makakapaghintay na umuwi kayo. Baka diretso kayo sa suite niya!”

Mahina ko siyang hinampas sa braso, pero hindi ko na napigilan ang pagtawa.
“Tumigil ka nga! Bawal ako sa suite niya, malalaman ni Mommy.”

Nag-ayos pa ako ng buhok at naglagay ng light makeup—simple lang, fresh, pero may konting effort. ’Yung tipong hindi halatang nagbihis para magpa-impress… pero obvious na pinaghandaan.

Muli kong sinipat ang sarili sa salamin bago kinuha ang bag ko.
“Thank you, Lorraine.”

“Wala ’yon, bestie. Go surprise your man. At mag-text ka mamaya—detalyado!” dagdag niya, nakangising parang may inaabangan.

Ngumiti lang ako bago tuluyang lumabas ng bahay nila.

Habang naglalakad, ramdam ko ang kakaibang kaba at excitement sa dibdib ko. Ngayon ko lang siya bibigyan ng surprise visit sa opisina niya sa loob ng halos isang buwan naming relasyon. Nakapunta na ako roon bilang girlfriend niya, pero isang beses palang Yun, at ang ginawa ko lang dun tumunganga lang maghapon sa kanya habang busy siya..

Parang bawat hakbang ko, mas bumibilis ang tibok ng puso ko.

Ano kaya ang magiging reaksyon niya kapag nakita niya ako? Magugulat ba siya? Ngingiti? O tititigan na naman ako..

Lumipas ang oras.

At ngayon, nakatayo na ako sa harap ng mataas na gusali kung saan naroon ang opisina ni Alejandro.

Huminga ako nang malalim.

Game na.

Sa baba pa lang ng building, sinalubong na ako ng pamilyar na mga ngiti.

“Hi, Ma’am Sabrina!” bati ng guard habang binubuksan ang glass door para sa akin.

Ngumiti ako at tumango bilang sagot, mas hinigpitan ang hawak sa milktea na pasalubong ko para kay Alejandro. Kahit simpleng bagay lang ’yon, gusto kong may dalang maliit na effort—parang simbolo ng pagdalaw ko.

Pagpasok ko sa lobby, agad ding tumayo ang receptionist sa front desk.

“Hi, Ma’am Sabrina! Good afternoon po!” masigla niyang bati.

Napansin kong aabot na sana siya sa telepono para tumawag sa itaas. Mabilis akong lumapit at marahang umiling.

“Huwag mo na pong itawag,” sabi ko nang nakangiti, bahagyang yumuko palapit sa desk. “Susurpresahin ko lang ang boyfriend ko.”

Napangiti siya nang mas malapad, halatang kinikilig din sa plano ko. “Ay, sige po, Ma’am. Diretso na po kayo. Nasa office niya siya.”

Tumango ako at nagpasalamat bago naglakad papunta sa elevator.

Habang umaangat ang elevator, nakikita ko ang repleksyon ko sa salamin ng dingding. Mas lalo tuloy akong kinabahan. Parang bawat pag-angat ng numero sa taas ng pinto, mas bumibilis ang tibok ng puso ko.

Ding.

Bumukas ang elevator sa floor ng opisina niya.

Huminga ako nang malalim.

Oras na para makita si Alejandro… sa mundo niya.

Pagkabukas ng elevator, agad akong napahinga nang malalim. Iba ang hangin sa floor niya—mas tahimik, mas pormal. Dahan-dahan akong naglakad papunta sa opisina ni Alejandro, ramdam ang bawat tunog ng takong ko sa marmol na sahig.
Pero bago pa man ako makalapit sa pinto, nakita ko na siya.

Si Maricar, Ang secretary niya..

Nakatayo sa harap ng desk niya, nakaayos, perpektong-perpekto ang postura. Nang mapansin niya ako, agad nag-iba ang ekspresyon ng mukha niya. Mula sa neutral na tingin, naging malamig.

Sinipat niya ako mula ulo hanggang paa—dahan-dahan, parang may binibilang.
Pagkatapos, ngumisi siya. Hindi 'yung simpleng ngiti. Kundi 'yung tipong may laman.

Tumayo siya nang tuwid.

"Nasa meeting pa si Master Alejandro," sabi niya, pormal ang tono pero may halong pang-aasar sa dulo ng bawat salita.

Mas hinigpitan ko ang hawak ko sa milktea pero pinanatili ko ang ngiti sa labi ko.

"Okay lang," sagot ko nang kalmado. "Maghihintay ako."

Hindi ako aalis.
At lalong hindi ako magpapatalo sa ngisi niya.

"Neng…" dagdag ni Maricar, tinaasan pa ako ng kilay. "Umuwi ka na muna sa inyo at mag-aral ka nang mabuti. Hindi 'yung nagpupunta ka pa sa lugar ng lalaki."

Ramdam ko ang bahagyang pag-init ng pisngi ko—hindi dahil sa hiya, kundi sa inis. Pero imbes na magpadala, mas lalo lang akong ngumiti.

Dahan-dahan akong lumapit sa desk niya, inilapag ko ang milktea sa gilid habang diretso ang tingin ko sa kanya.
“Concern ka ba sa grades ko?”

mahinahon kong tanong, pero malinaw ang diin. “Salamat. Mataas pa rin naman.”

Sandali akong tumigil bago nagpatuloy.
“At tungkol naman dito…” bahagya kong itinuro ang paligid.

“Hindi ito ‘lugar ng lalaki.’ Opisina ito ng boyfriend ko.”

Pinanatili kong kalmado ang boses ko—hindi mataas, hindi nanginginig.

Controlled. Sigurado.

“May tiwala siya sa’kin. Kaya ako nandito.”

Sandaling natahimik ang paligid. Kita ko ang bahagyang pag-igting ng panga niya.

Ngumiti lang ako nang mas matamis.
“Maghihintay na lang ako. Sabihan mo na lang ako kapag tapos na ang meeting niya.”

At bago pa siya makasagot, umupo na ako sa waiting area—derecho sa harap ng desk niya, crossed legs. Nag scroll sa cellphone..

59

“Of course may tiwala siya sa’yo. Girlfriend ka eh.
Pero pag trabaho ang usapan… ako ang tinatawag niya,” sabi ni Maricar.

Napakurap ako at napatingin sa kanya. tahimik na kasi akong nakaupo at Hindi na sana makikipag usap pa.

“Hindi naman ako nakikipag-compete sa posisyon mo, Magkaiba tayo ng lugar…” seryoso kong sabi, pero bahagyang ngumiti, parang inosenteng reaksyon lang.

“Magkaiba, oo.
Pero tandaan mo… mas madalas siyang nandito kaysa sa bahay,” wika niya.

Ramdam ko ang inis. Siguro akala niya tatahimik lang ako at tatalikod na pauwi, pero nakakaramdam din ako ng lakas para ipagtanggol ang sarili ko, parang simula ng naging boyfriend ko si alejandro, tumatapang na ako at nagiging selosa na masyado.

Nakita ko siyang nag-timpla ng kape—siguro para kay Alejandro. Nang matapos, humakbang siya papuntang opisina, akmang pumasok na sana, nang mapahinto siya at lumingon sa akin.

Inilapag niya muli ang kape sa desk nang medyo malakas, halatang may bahagyang galit. Kilay naka-taas, labi nakasimangot, tingin… puno ng pangmamata.

Hindi siya nagsalita agad. Nanatili lang siyang nakatayo, kamay nakapamewang, tinititigan ako mula ulo hanggang paa—mas halata na ngayon ang intensity sa mga mata niya.

Ngunit sa halip na magpadala, ngumiti ako nang tipid, parang inosente lang na nagtanong..

“May problema po ba?” tanong ko nang kalmado, Sa mahinang boses pa..

Bahagya siyang natawa. Yung tipong hindi talaga nakakatawa-kundi nang-iinsulto.

"Problema?" ulit niya, tinaasan ako ng kilay. "Wala naman. Nagtataka lang ako."

Lumapit siya nang kaunti. Ramdam ko ang pabango niya-matapang, parang personalidad niya.

Yumuko siya, kaya napasandal pa ako ulit sa upuan ko habang nakikipag titigan dito.

"Sigurado ka bang maghihintay ka? Matatagalan pa si Master. Busy talaga siya ngayon," sabi niya nang matamis pero may halong pang-uuyam.

"Kaya ko naman.."

"Talaga?" ngumisi siya. "Kasi usually, hindi pinaghihintay ni Master ang mga importanteng tao."

May diin ang salitang importanteng.

Saglit akong natahimik.

"At.. isa pa ." dagdag pa niya, nagkunwaring may naalala. "Hindi pala kita na-schedule. Walk-in ka lang

ba?"

Bahagya siyang yumuko para silipin ang tablet sa kamay niya, pero halatang wala naman talaga siyang tinitingnan.

"Alam mo," patuloy niya, malamig na ang tono, "maraming babae ang dumadaan dito na akala nila espesyal sila. Pero hindi lahat tinatagal."

Tumaas ang kilay ko. "Tapos?"

Ngumiti siya-pero hindi umabot sa mga mata.

"Tapos? Wala. Friendly reminder lang. Ayokong masayang ang oras mo at masaktan ka, ang bata mo pa.."

Tahimik ang lobby pero parang bumigat ang hangin.

"Concern ka pala," sagot ko nang kalmado pa rin.

"Professional lang," balik niya agad. "Trabaho ko kasing siguraduhin na walang istorbo sa schedule ni Master."

Sa huling salita, mas tumalim ang boses niya.

"Lalo na kung hindi naman... permanent."

At doon ko na naramdaman-hindi lang siya secretary, bakit parang may something doon, parang iba..

Pero..

Tumingin ako sa kanya nang diretso.

Ngumiti ako.

"Boyfriend ko naman 'yon eh."

Hindi ako nagtaas ng boses. Mahinahon parin, pero kuyom na ang kamao..

Bigla siyang natigilan.

Parang may sampal na hindi niya nakita na paparating.

Nagbago ang mukha niya-nawala ang pang-uuyam. Saglit siyang natahimik.

Ngumiti pa ako lalo.

"Pero salamat sa concern," dagdag ko, mas tumalim ang tingin. "Alam ko naman ang ginagawa ko.."

Sandaling bumaba ang tingin niya.

"At saka," huling sabi ko bago ako umupo nang kumportable, "kung may problema ka sa pagiging 'girlfriend' ng boss mo..."

Bahagya akong sumandal sa sofa, crossed legs, confident.

"Siya ang kausapin mo. Hindi ako."

Natulala siya. kitang-kita ang paninigas ng balikat niya.

Yung kape sa lamesa niya? Hindi niya man lang dinala sa loob ng office.

Ibinagsak niya iyon Kanina sa desk nang medyo malakas-kontrolado, pero halatang may inis.

Maya-maya, bumukas ang pinto ng opisina ni Alejandro.
Tahimik.

Pero parang bumaba ang temperatura ng buong lobby.

Lumabas si Alejandro-naka-three-piece suit, tuwid ang tindig, malamig ang mukha. Yung tipong isang tingin lang niya, automatic tatahimik ang buong floor.

"Miss Velasco." Mababa at kontrolado ang boses niya, hindi pa ako nakikita. "Nasaan ang file na-"

His words cut off the moment his gaze landed on me.

Something switched. Shock, concern… then his eyes softened.

“Sabrina?”

Tumayo ako, hawak ang milktea, giving a small, shy smile.

“Surprise…”

Sa isang iglap, nawala ang intimidating aura niya-para lang sa'kin.

Lumapit siya kaagad, walang pag-aatubili.
Hinila niya ako palapit sa dibdib niya at binigyan ng mainit na halik na ikinagulat ko. Pagkatapos, niyakap niya ako nang mahigpit-yung yakap na parang gusto niyang ibalik lahat ng oras na hindi kami magkasama.
Marahan niyang isinandal ang baba niya sa ulo ko.

""“Why didn’t you tell me?” he whispered softly.

“Did you come alone? Have you eaten?”

Yung kamay niya nasa likod ko-protective. Sigurado.

"Ah… kasi gusto ko lang surprise ka, eh,” sabay ngiti nang tipid.
“kumain na ako….”

Sa likod namin...

Narinig ko ang bahagyang pagkalansing ng tasa.

"Master, coffee niyo po..."nakangiting Sabi ni maricar..

Napatingin ako sa coffee na hawak niya at milktea na hawak ko parin ..

Ewan ko kong bakit pakiramdam ko mas gusto ni alejandro ang coffee..

Ngunit bago ko pa man maisip, nakatingin siya sa akin.

“Hindi muna ako mag-coffee ngayon, Miss Velasco..”

Napatingin ako saglit Kay maricar,

Hindi siya makaimik.

Nakangiti Lang pero Pilit.

bahagya pa akong nagulat ng kunin ni alejandro ang milktea na hawak ko..

Ngumiti si Alejandro habang nakatingin pa rin sa'kin.

Mayamaya..

Dahan-dahan siyang umatras ng kaunti, hinawakan ang magkabilang braso ko, at pinasadahan ang suot ko mula ulo hanggang paa.

Yung ngiti niya? Nandoon pa rin.
Pero may halo nang iba.

"Sabrina..." mahina niyang sabi.

"Hm?" inosente kong sagot, hawak pa rin ang milktea.

Bahagya siyang napabuntong-hininga. Tumingin siya sa legs ko, tapos bumalik ang tingin sa mukha ko.

"Masyadong maiksi 'yang suot mo."
Diretso. Walang paligoy-ligoy.

Tumaas ang kilay ko. "Ha?"

"Pumunta ka lang mag-isa dito suot 'yan," he added, voice lower but controlled—not angry.

“I don’t like everyone staring at you.” "

Ramdam ko ang higpit ng kamay niya sa baywang ko. Hindi masakit. Pero malinaw ang mensahe.

Sa likod namin, tahimik ang secretary-pero alam kong nakikinig. Halos hindi na siya gumagalaw sa pwesto niya.

Ngumiti ako nang bahagya. "So? Bagay naman sa'kin 'to ah."
Napapikit siya sandali, parang pinipigilan ang sarili.

"That's the problem," bulong niya.

Tumingin siya sa paligid..

Pagbalik ng tingin niya sa'kin, iba na ulit.
Mas malambot.

Hinubad niya ang suit niya at walang sabi-sabing inilagay sa balikat ko. Maingat pa niyang inayos, tinakpan nang maayos ang hita ko.

"Next time," sabi niya, inaayos ang collar sa'kin, “wear that only at our place…huh?”

Bahagya akong natawa.

"Grabe ka naman."
Yumuko siya nang kaunti para magpantay kami ng tingin.

"Hindi ako grabe," mahina pero seryoso niyang sagot.

“I just don’t want other men looking at you more than they should.”

Namula ako nang bahagya.

Hinawakan niya ang kamay ko. "Let's go Inside. Before I change my mind and take you home instead."

????

60

"Let's go inside..."

Tumango ako, nakangiti na talaga.
Pero bago kami makapasok, humarap siya kay Maricar.

"Cancel the meeting."
Seryoso niyang utos SA secretary niya, nakatingin diretso kay Maricar na nakatayo pa rin sa desk niya, namumula ang mukha sa inis at biglaang pagkagulat.

"Sir... pero po yung meeting with the board-" simula pa lang ni Maricar, pero pinutol siya ni Alejandro agad.

"I said cancel it." Ulit niyang sinabi, mahigpit. "Now."

Namutla si Maricar. Ramdam ko yung paghigpit ng kamay niya sa phone, pero hindi na siya nagsalita. Agad niyang binuksan ang computer niya, nag-type nang mabilis, at nag-click sa cancel button ng calendar.

"Done na po, Sir," mahina niyang sabi, halos hindi marinig ang boses.

Hindi sumagot si Alejandro. Tumitingin lang siya pabalik sa akin.

Nagbago ang mukha niya. Ang malamig at intimidating na ekspresyon kanina... nawala agad. Napalitan ng malambot na ngiti-para lang sa akin.

Lumapit siya sa akin nang mabilis, pero kontrolado at maayos ang bawat galaw. Hinawakan niya ang kamay ko at hinila papasok sa opisina.

Pero muli siyang lumingon kay maricar..

Reschedule everything for tomorrow…"
Aniya bago kami tuluyang pumasok sa loob.

Napalingon ako sa paligid ng opisina niya, hanggang mapadako ang tingin ko sa kanya na nakaupo sa sofa sa gitna.
Nakatitig lang siya sa akin.

“Kala ko nasa meeting ka?” tanong ko sa kanya, pilit sinasanay ang sarili sa paligid dahil nakakailang talaga ang tindi ng titig niya.

Napalingon ako nang maramdaman kong hinawakan niya ang necktie niya, dahan-dahan itong tinanggal at inilagay sa lamesa. Maingat siyang umayos ng upo sa sofa, tapos nagsalita…

“Come here, baby…”
Lumapit ako, pilit hinihila ang laylayan ng palda ko. Naiilang ako, parang nagsisi tuloy na nagsuot ako ng ganito—pero hindi rin maikakaila, may halo ring kilig sa dibdib.

Paglapit ko hinawakan niya ang kamay ko at marahang hinila ako paupo sa kandungan niya.
Naramdaman ko ang dahan-dahang paggalaw ng kamay niya sa likod ko, parang pinapasadahan ang bawat kurba nang likod ko nang marahan.

Napangiti ako, alam ko na ang gusto niya… pero pilit ko pa ring kinokontrol ang sarili.

Tinitigan niya ang suot ko-mula sa V-neck na long-sleeve black top na medyo nagpapakita ng collarbone at bahagyang cleavage, pababa sa maong skirt na kalahati lang ng hita. Hindi siya nagsalita agad. Yung titig niya ay mabagal, parang iniimbak sa isip ang bawat detalye.

"Anong tingin 'yan?" natatawang tanong ko, pero ramdam ko ang init sa mukha ko habang sinusundan ko ang tingin niya.
He smirked.

“What kind of look?” he repeated, voice low—almost a growl.

Hinawakan niya ang skirt ko nang dahan-dahan, hinila nang kaunti pataas para mas makita ang hita ko.

“The kind that makes me want to eat you right here in my office.”

I gasped softly… but ended up laughing.

"Alejandro... andito pa tayo sa opisina mo," bulong ko, pero boses ko ay halos pakiusap na rin na wag siyang tumigil.

"Exactly," sagot niya, sabay haplos ng kamay niya pababa sa hita ko, pataas ulit sa ilalim ng skirt-dahan-dahan, teasing.

“Damn… you look so good in that. It suits you.." he murmured against my ear, voice rough with restrained desire.

Napahawak ako sa balikat niya, mata ay nakatitig sa kanya.

Akmang hahalikan niya ako sa leeg at 'yung kamay niya nasa hita ko na nang pigilan ko siya.

“A-Alejandro... hindi ako pumunta dito sa office mo para diyan,” irap ko rito, sabay tulak nang mahina sa dibdib niya.

Nakita kong napapangisi siya—'yung ngisi na parang alam niyang hindi ko talaga siya matatanggihan. .

Dahan-dahan niyang inalis ang butones ng damit niya, isa-isa, habang tinititigan ako nang diretso. Nanlaki ang mga Mata ko nang makita ang dibdib niya na unti-unting lumalabas—maskulado, puno ng tattoo ..

“Ano ba! Baka may pumasok!” reklamo ko nang mahina, akmang aalis na ako sa kandungan niya.

Pero bago pa ako makatayo nang tuluyan, bumulong siya sa tenga ko, boses na mababa at mainit.

“Doon tayo sa kwarto ko.”
Napatingin ako sa pinto sa gilid—'yung maliit na private room niya sa loob ng opisina. Alam ko na may kwarto siya doon..

Hinampas ko siya sa dibdib.

“Your bad,” sabi ko, halatang natatawa, pero may kaunting hiya sa mukha.

“I know,” sagot niya, nakangisi, at yung ngiti niya—parang alam niyang wala akong magagawa pa.

Yumakap nalang ako dito, idinikit ang tenga ko sa dibdib niya.

“Alejandro…Huwag muna..may.. may problema Kasi tayo...”

“Hm?” sagot niya, malambing at mahinahon.

Napabugtong-hininga ako, parang nahihiya pang magsalita.

“What is it, princess?” tanong niya, ramdam ang init ng katawan niya sa akin, habang gumagala na ang malikot nitong kamay.

"Hindi ko pa ako nagkakaroon."

Napahinto Ito..

“Huh?” Kunot noo niya, halatang naguguluhan.

“I mean… I’m late,” I whispered, anxiety creeping into my voice.

He froze for a second, clearly processing.
Then suddenly—

“Fuck.”

I frowned at him.

Pero unti-unti rin siyang napapangiti.

“Minumura mo ba ako?” tanong ko, umiling siya nang bahagya, halatang sobrang gulat at saya ang kanyang reaction.

Yumakap siya sa akin ng mahigpit at hinawakan ang tiyan ko..

“Wag ka ngang ngumiti ng ganyan...” sabi ko nang inis, sabay hampas ulit sa malapad niyang dibdib.

“Lagot tayo kay Mommy…” dagdag ko,

Natawa Ito ng Mahina.

“ikaw kasi ang hilig mo,” dagdag ko, may halong paninisi.

“It’s okay, Sabrina… we’re getting married next month,” he said with that devastating smile.

Pumasok muli ang secretary niya.

“M-master—”

“Leave, Miss Velasco,” ani Alejandro nang malamig, hindi man lang tumingin sa kanya. Napansin ko ang pagkakuyom ng kamao ng secretary niya, lalo na nang makita niya akong simple lang na nakakandong Kay Alejandro—habang may maliit na ngisi para sa kanya.

“But Maste—”

“What part of what I said don’t you understand, Maricar?” he asked, calm but sharp, still holding me close.

“I-I’m sorry, Master…” Maricar muttered, turning away, her eyes glistening as if she might start crying.

Pero akmang isasara na niya ang pinto ng tawagin niya ulit Ito..

"Yes, master..?"

Tumingin si Alejandro kay Maricar nang diretso. Wala na ang kahit anong bakas ng lambot sa mukha niya.

Malamig. Final.

"By the way," sabi niya

"bukas darating na ang bago kong secretary."

Nakita Kong natigilan Ito.

"S-Sir...?" halos pabulong.

“Make sure you properly endorse everything to her,” he continued steadily. “All files. All schedules. All access.”

Walang emosyon niyang Sabi..bahagya ko itong hinaplos sa dibdib para kasi akong naaawa na Kay maricar...

Tumingin Lang si Alejandro sakin at ngumiti.. tapos bumaling Kay maricar.

“Make sure the turnover is clean. I don’t want any loose ends.”

Namutla si Maricar. "Sir, I-"

Tumaas lang ang isang kamay ni alejandro. Tahimik, pero sapat para patigilin siya.

"This is not a discussion."

Mas bumaba ang tono niya.

"Magaling ka sa trabaho mo. Pero nalilito ka na sa boundaries mo."

Diretso ang titig niya. Hindi kumukurap.

"At hindi ko tinotolerate ang mga taong nakakalimot kung saan lang sila dapat."

Tahimik ang paligid.

"Human Resources will send you the details," dagdag niya. "You have until five tomorrow."

Isang segundo pa siyang tumitig dito.

"Make it professional, "

EPILOGUE

Lumipas ang ilang araw...

At ngayon, saksi ang mga magulang niya, mga kaibigan, mga tito at tita namin sa pag-iisang dibdib namin.

Nasa altar kami ni Alejandro, magkahawak kamay, habang ang pari ay binibigkas ang huling salita ng seremonya.

Ang damit-pangkasal ko ay simple pero elegant—puting lace gown na may subtle shimmer, tube, at train na mahab.

Si Alejandro naman, naka-black tuxedo na fitted sa katawan niya, tie na itim din, at 'yung tattoo sa leeg niya na bahagyang kita sa kwelyo ng shirt—parang paalala na kahit sa ganitong okasyon, may parte pa rin siya na hindi nawawala ang mapanganib na appeal niya.

“Congrats, newly wed!!!” sigaw nila sa likod namin nang sabay-sabay, may confetti na lumilipad at palakpakan na hindi natatapos.

Dumating si Tito Azrael na parang walang nangyari—parang kinalimutan na lang ang lahat ng tensyon sa pagitan nila Eros at Alejandro noong nakaraan.

Nakangiti siya nang mahinahon, yumakap si Tito sa akin si Alejandro tinapik niya sa braso, sabay bulong ng “Take care of each other.”

Si Mommy Zamara naiiyak na nakatingin sa amin habang nakangiti, katabi niya si Daddy Asmodeus na hinahawakan ang balikat niya nang mahigpit, parang sinusuportahan siya na wag masyadong umiyak.

Sa reception, hinawakan ako ni Mommy Zamara at hinila sa isang sulok na di gaanong maraming tao—maliit na garden area sa gilid ng venue, may ilaw na fairy lights at tahimik na musika sa background.

Pagharap ko sa kanya, hinawakan niya ang pisngi ko nang marahan, parang sinusuri ako nang mabuti.

Tumitig pa siya sa leeg ko—doon mismo sa pinakagitna. Parang may nakumpirma na isang bagay na alam na niya.

Ngumiti siya—yung ngiti na puno ng lungkot pero masaya rin.

“Mahalin niyo ang isa't isa, Sabrina...” sabi niya nang mahina, boses na halos bulong pero puno ng damdamin. “Alam kong mahal na mahal ka ni Alejandro. Masaya akong makita na masaya kayo sa isa't isa.”

Hinawakan niya ang kamay ko, hinigpitan nang kaunti.

“Pasensya ka na kung tinutulan ko 'yung relasyon niyo dati... natatakot lang ako. Akala ko magiging malupit siya sa'yo.
Pero hindi. Nakita ko kung gaano ka niya minahal—kung paano ka niya pinoprotektahan, kung paano niya binago ang sarili niya para sa'yo. At nagpapasalamat ako dahil doon.”

Tumingin siya sa malayo saglit, parang may binabalikang alaala ng nakaraan.

“Masyado ko lang hinusgahan ang sarili kong anak... siguro dahil anak siya ni Asmodeus." Saglit itong natawa

Napaluha ako nang mahina, pero hindi na dahil sa sakit—kundi dahil sa ginhawa na nararamdaman ko sa mga salita niya.

“Mommy... salamat po,” bulong ko, sabay yakap sa kanya nang mahigpit. “Mahal na mahal ko po si Alejandro. At mahal na mahal niya rin ako. Hindi po namin bibiguin...ang isa't isa promise.”

Yumakap siya pabalik, hinaplos ang likod ko nang paulit-ulit.
“Alam ko 'yan. Kaya masaya ako ngayon. Masaya akong makita kayong dalawa na ganito... buo na, masaya na, at handa na sa susunod na chapter.”

Paghiwalay namin, pinunasan niya ang luha ko gamit ang daliri niya.

“Halika na, bumalik tayo sa reception. Baka hanapin ka na ni Alejandro. At siya rin... mukhang hindi na makapaghintay na makasama ka ulit nang mag-isa.”

Napangiti ako nang tipid, hinawakan ang kamay niya habang naglalakad kami pabalik sa venue.

Sa gitna ng musika, ng tawa, ng confetti na lumilipad pa rin, at ng mga tao na nakapalibot sa amin...

Alam kong ito na 'yung simula ng totoong buhay namin bilang mag-asawa.

Ginanap ang honeymoon Namin..

Ayoko sa ibang bansa—mas gusto ko dito gawin ang first honeymoon namin. Malapit lang, tahimik. El Nido ang napili namin—maliit na private villa sa may beachfront, may infinity pool na nakaharap sa dagat, at walang makakaistorbo.

Pagpasok pa lang ng hotel room, buhat na niya ako agad. Magkalapat ang mga labi namin, hindi na naghihintay ng salita. Yung halik niya ay gutom na gutom, pero puno pa rin ng lambing—parang hindi niya na makapaghintay na maramdaman ako nang buo.

Inihiga niya ako sa kama nang marahan, pero hindi niya binibitawan ang halik. Katulad nga ng sinabi ko dati... hindi pa ako nireregla, at hindi pa ako nagpa-check up. Bukas na namin gagawin ang pregnancy test.

Pero Ngayon... kami muna.

Ilang saglit pa, hubad na kaming pareho. Ako nakaupo sa ibabaw niya, kamay ko sa dibdib niya habang ginigiling ang balakang sa kahabaan niya.

Simula noong itinuro niya sa akin 'tong position, mas nagustuhan ko na talaga 'to. Gusto ko 'yung pakiramdam na nasa ibabaw niya—nakikita ko ang malapad at puno ng tattoo niyang dibdib, ang matipuno niyang katawan na parang na buhay. 'Yung bawat galaw ko, ramdam ko ang init niya sa loob ko, ang tibok ng puso niya sa ilalim ng palad ko.

Naramdaman ko na marahan niyang pinisil ang pwetan ko—may panggigigil na hindi niya maitago. Bigla siyang bumangon, binuhat ako nang walang kahirap-hirap. Standing position—nakapulupot ang mga hita ko sa bewang niya, braso ko sa leeg niya para magbalanse.

“Dahan-dahan lang...” sabi ko rito nang gigil na gigil siyang umuulos, boses ko na halos hingal na.

Pero hindi siya nakapagpigil nang matagal. Mas binilisan niya nang kaunti, pero hindi basta-basta—may control pa rin, may pag-iingat. Yung bawat thrust niya ay malalim, Ramdam ko ang init, ang presyon,

ang sarap na hindi ko maipaliwanag.

“Ahh... Alejandro...” ungol ko nang mahina, ulo ko napatagilid sa balikat niya.

“Baby… you’re still so tight…” he growled low against my ear, voice already fraying at the edges. I could feel the heat of his ragged breathing on my neck

Hindi ko na napigilan—naramdaman ko 'yung build-up sa loob ko, 'yung init na dahan-dahang sumasabog. Hinigpitan ko ang kapit sa leeg niya, mga hita ko ay nanginginig na.

“Sabay tayo...” bulong niya sa tenga ko.

Hindi na ako sumagot. Mas binilisan niya nang kaunti pa—malalim, mabilis, pero puno ng pagmamahal. At doon... sumabog kami pareho. Sabay na ungol, sabay na pangalan na tinatawag, sabay na paggapang ng sarap sa buong katawan.

Nanatili kaming magkayakap, hingal pa rin, pawis na pawis. Dahan-dahan niya akong Ibinaba at inihiga ulit sa kama, hindi niya binibitawan ang yakap. Hinaplos niya ang buhok ko, hinahalikan ang noo ko nang paulit-ulit.

“I Love you...” bulong niya, boses na halos hindi marinig dahil sa pagod.

“I Love you too...” sagot ko, mukha nakabaon sa dibdib niya.

Tahimik kami saglit, ramdam lang ang tibok ng puso namin na dahan-dahang bumabalik sa normal.

KINABUKASAN..

Nakatitig ako sa pregnancy test sa ibabaw ng lababo...dala na namin ito dito, naspasya kaming Dito namin titignan ang result..

Pangatlong PT na 'yun, pero pare-pareho pa rin: dalawang linya, malinaw. Hindi na ako makagalaw. Parang biglang tumigil ang oras sa loob ng banyo—ang tubig na tumutulo pa rin sa gripo, ang amoy ng sabon, at 'yung reflection ko sa salamin na mukhang hindi makapaniwala.

Pumasok si Alejandro, Agad niyang niyakap ako mula sa likuran, dibdib niya nakadikit sa likod ko, baba niya nakasubsob sa balikat ko. Ramdam ko ang init ng hininga niya sa leeg ko, at 'yung tibok ng puso niya.

Nakita ko sa salamin ang pag-ngiti niya nang makita ang dalawang linya. Yung ngiti na hindi niya maitago—puno ng saya, ng pagmamalaki, ng pag-asa. Hindi siya nagsalita agad. Sa halip, hinaplos niya ang tiyan ko nang marahan, palad niya ay malapad at mainit.

“Sana lalaki ang panganay natin,” sabi niya nang mahina, boses na halos bulong pero puno ng excitement.

Naluluha akong napatingin sa kanya sa salamin. Hindi ko na mapigilan ang pagtulo ng luha—hindi dahil sa takot, kundi dahil sa sobrang saya na hindi ko maipaliwanag.

“Gusto ko babae...” sagot ko nang mahina, parang kaya ko pang mabago ang kasarian ng magiging anak namin sa isang salita lang.

Umiling siya nang mahina, pero hindi nang-aasar. Sa halip, hinigpitan niya ang yakap, hinaplos ulit ang tiyan ko nang paulit-ulit.

“Saka na tayo gumawa ng babae,” paliwanag niya, boses na puno ng kumpiyansa pero may lambing.

“Mas maigi kong lalaki ang panganay natin... para may magtatanggol sa kapatid niyang babae. Para protektahan niya siya,.”

Napahawak ako sa braso niya na nakapalupot sa akin, luha ko ay tumutulo pa rin pero ngayon ay may ngiti na rin sa labi ko.

“Bakit parang sigurado ka na lalaki?” tanong ko nang mahina, sabay tingin sa reflection namin sa salamin—kami, magkayakap, at sa ilalim ng palad niya ay may bagong buhay na lumalaki.

Ngumisi siya..

"I just know it."

SPECIAL CHAPTER!!!

“Alessio…” bulong ni Alejandro, puno ng pride, habang dahan-dahan niyang binubuhat ang aming bagong silang na anak.

Halos hindi ako mapaniwala na hawak na namin siya—ang maliit at mainit na katawan na ngayon ay bahagi na ng aming mundo.

Nakahiga ako sa hospital bed, nanginginig pa ang katawan at nanghihina dahil sa ilang oras na hirap sa pag lalabor. Ngunit sa kabila ng pagod, ramdam ko ang kakaibang ligaya at kapayapaan na bumabalot sa akin.

Si Alejandro ang nagbigay ng pangalan sa aming anak—Alessio—at sa isang iglap, parang nagbago ang lahat. Parang ang mundo namin ngayon ay umiikot lamang sa maliit na milagro sa kanyang mga kamay.

Dahan-dahang lumapit sa akin si Alejandro, hawak pa rin si Alessio. Yumuko siya at marahang hinalikan ang noo ko.

“Thank you…” bulong niya, puno ng sincerity ang boses.

Ngumiti lang ako sa kanya. Pagod man ang katawan ko, parang nabura lahat ng sakit dahil sa mga sandaling iyon.

Napatingin ako kay Alessio na mahimbing nang natutulog sa mga bisig ng ama niya. Napakaliit… napaka-inosente… at napakaperpekto.

“Ibaba mo na muna siya,” nakangiti kong sabi kay Alejandro. “Baka masanay si Alessio na karga mo palagi.”.

May halong biro ang tono ko, pero sa totoo lang, natutuwa akong makita kung gaano kaingat at ka-proud si Alejandro bilang ama.

At sa sandaling iyon, alam kong hindi lang ako ang nagbago—kundi kaming dalawa. Dahil ngayon, hindi na lang kami mag-asawa… isa na kaming pamilya.

Maya-maya, dumating sina Mom at Dad.
Pumasok sila sa kwarto na may mga ngiting puno ng pride at pananabik.

Unang-una nila akong binati, kinumusta kung ayos lang ba ako, bago tuluyang lumapit kay Alessio.

Hindi ko napigilang mapangiti nang makita kung gaano sila natuwa nang matanaw ang kanilang unang apo sa amin ni Alejandro. Para bang sa isang iglap, naging mas maliwanag ang buong silid dahil sa mga ngiti nila.

Dahan-dahang binuhat ni Daddy Asmodeus si Alessio, tila ba takot na masaktan ang napakaliit nitong katawan. Yet, the pride in his eyes was unmistakable.

“Look at him, Zamara…Our grandson is perfect. Absolutely perfect.” ani niya kay Mommy, hindi maalis ang titig sa sanggol na parang isang napakahalagang kayamanan.

He’s already too handsome for his own good. This boy is going to break hearts someday.” nagyayabang pa na Sabi ni daddy na Kinatawa namin ni mommy

“You’re right, Asmodeus… dangerously handsome already. But remember, little one… character is more important than looks, hmm? Be a good boy, Alessio.”

Sa sandaling iyon, mas lalo kong naramdaman kung gaano kami kapinalad. Hindi lang dahil sa pagkakaroon ng anak… kundi dahil sa pamilyang handang umalalay at magmahal sa kanya mula pa lang sa unang araw.

Maya-maya, may kumatok muli sa pinto.
Pagbukas nito, pumasok sina Ate Anastasia kasama si Kuya Atlas.

Napatingin ako kay Kuya Atlas. Nakangiti siya—isang ngiting payapa, tila ba naayos na ang lahat sa pagitan nila ni Ate.

Naalala ko pa na narinig ko din kila mommy at daddy kahit okay na Kami nila Alejandro matagal din daw napatawad ni ate Anastasia si kuya atlas dahil sa pag tulong nito Kay eros, pero ngayon, kitang-kita kung gaano sila kasaya habang sabay na winini-welcome si Alessio sa pamilya.

Katulad nina Mommy at Daddy, ako muna ang binati nila bago sila tuluyang lumapit sa sanggol.

Nagising na si Alessio, marahil ay nakaramdam ng presensya ng maraming tao sa silid.

Bahagya siyang gumalaw sa mga bisig ni Daddy Asmodeus, na hanggang ngayon ay karga pa rin siya—tila ayaw pa itong bitawan.

“Wow… napakagwapo naman niya, Daddy,” sabi ni Anastasia habang nakatunghay sa kanyang pamangkin.
Mahigpit ang hawak niya sa kamay ni Atlas, at pareho silang nakangiting nakatingin kay Alessio.

“Napakagwapong bata,” dagdag pa ni Atlas, may halong paghanga sa boses.

At sa gitna ng mga ngiti, papuri, at masayang usapan, mas lalo kong naramdaman—ang anak namin ay

isinilang hindi lang sa isang pamilya… kundi sa isang pamilyang puno ng pagmamahal.

Umupo si Alejandro sa gilid ng kama ko. Marahan niyang hinawakan ang kamay ko, saka dahan-dahang hinaplos ang pisngi ko na tila ba ako ang pinaka-marupok na bagay sa mundo.

“May gusto ka bang kainin?” malumanay niyang tanong.

Tumango ako agad, pero may konting pag-aalinlangan. Matagal ko na iyong gustong inumin, pero dahil bantay-sarado siya sa lahat ng kinakain at iniinom ko noong buntis pa ako, halos hindi ko man lang masabi.

“Gusto ko ng…” mahina kong panimula habang yumayakap sa braso niya at bahagyang tumitingala para salubungin ang titig niya.

Sandaling kumunot ang noo niya, tila naghihintay ng kung anong komplikadong request.

“Isang baso ng Coke na punong-puno ng ice… please.”

Tahimik siya ng ilang segundo bago napailing, pero hindi maitago ang ngiti sa labi niya.

“After everything you’ve been through… iyon lang?” mahina niyang sabi, may halong amusement at lambing.

Mas lalo akong ngumiti at mas humigpit ang yakap ko sa kanya.

Sa wakas… makakatikim din ako.

MAKALIPAS ANG APAT NA TAON…

“Daddyyyy!”
Masayang sigaw ni Alessio habang patakbong lumapit sa ama niya pagpasok namin sa opisina.

Kulang na lang ay tumalon siya sa tuwa Nang Makita ang ama kahit kaninang umaga Lang sabay Sabay pa kaming nag breakfast.

Ilang araw na siyang nangungulit na gusto raw niyang puntahan si Daddy sa office nito—at heto kami ngayon.

Mabilis siyang sinalubong ni Alejandro at agad binuhat, parang hindi pa rin nagsasawang yakapin ang anak kahit apat na taon na ito.

“Hey, champ,” malambing ngunit may awtoridad pa ring bati niya habang inaayos ang pagkakakarga kay Alessio.

Napangiti ako habang pinagmamasdan silang dalawa.

Lumapit naman ang secretary ni Alejandro na si leo at nakangiting bumati sa akin.

“Naku, Ma’am… hindi ba due date niyo na?” biro niya.

Natawa ako. “Oo. Pag manganganak na ako, ikaw na bahala sa akin ha.”

“Ay, kaloka ka, Ma’am!” sagot niya, sabay tawa.

“Sige, carry lang! Basta dapat kasing ganda ko ‘yan!”

Napansin kong biglang tumalim ang tingin ni Alejandro kay leo.

Tahimik ang opisina sa loob ng ilang segundo.

“Joke lang ‘yun, Master!” mabilis na bawi ni leo, sabay lunok.

Mas hinigpitan ni Alejandro ang hawak kay Alessio habang seryosong nakatingin sa secretary niya.

“Focus on your work, leo.”
“Yes, Master, lea po..” halos pabulong na sagot nito.

Hindi ko napigilang mapailing at mapangiti.

Kahit apat na taon na ang lumipas… ganun pa rin si Alejandro—protective, possessive… at sobra magmahal.

Nang makalabas si Leo ng opisina, dahan-dahan akong lumapit sa mag-ama.
Malaki na ang tiyan ko—malapit na talaga.

Ang pangalawa naming anak… at ayon sa ultrasound, isang babae.

Ngumiti si Alejandro tumingin sakin. Inilipat niya muna si Alessio sa sofa bago siya tuluyang lumapit sa akin.

Marahan niya akong dinampian ng halik sa labi—isang maikling halik pero puno ng lambing—pagkatapos ay inilapat ang kamay niya sa malaki kong tiyan.

“Okay ka lang?” malambing niyang tanong, seryoso ang mga mata na tila ba ako pa rin ang pinakaimportante sa silid na iyon.

Tumango ako. “Okay lang ako.”
Bahagya siyang yumuko, saka dahan-dahang hinaplos ang tiyan ko.

“How’s my princess Astrid?” mahina ngunit punô ng excitement ang boses niya.

Napangiti ako.

“Okay naman siya, Alejandro. Tahimik lang… pero feeling ko nakikinig siya ngayon.”

Para bang sinagot siya, bahagyang gumalaw ang tiyan ko.

Napatigil si Alejandro at napangiti nang malapad.

“She heard me,” bulong niya, halos may pagkamangha.

Sa gilid naman, si Alessio ay nakatingin sa amin, bahagyang nakasimangot.

“Daddy… ako pa rin baby mo, ha?”
Napatawa ako habang napailing si Alejandro.

.
“You’ll always be my first prince,” sagot niya, sabay ngiti sa anak..

At sa sandaling iyon, alam kong mas lalawak pa ang mundong binuo namin—hindi lang para kay Alessio… kundi para rin sa aming munting prinsesa, si Astrid.

Sa loob ng apat na taon, natapos ko rin ang pag-aaral ko, sa tulong na rin nila mommy at daddy.

Pag may pasok ako sila mommy at daddy ang nag aalaga kay alessio.

Gusto kong makatapos at maging secretary ni alejandro..
Isa iyon sa mga pangarap ko—

Pero sa pagkakataong ito, parang hindi na matutupad iyon dahil manganganak na naman ako.

Hindi ko naman naiwan ang sarili ko sa panghihinayang, bagkus panatag ang loob ko. Masaya ako at kumpleto ang buhay namin ni Alejandro, at alam kong lahat ng ginagawa ko ay para sa aming pamilya.

Si Leo ang pumalit bilang secretary niya. Ngunit sa gabi, nagiging si Lea ito. Noong una, naiirita si Alejandro. Napaka-bibo ni Leo—masyadong lantad ang kabadingan, halos wala siyang pinapalampas.

Ngunit habang tumatagal, nasanay na rin si Alejandro sa kanya. Napansin niyang magaling si Leo sa trabaho, at sa kabila ng pagiging hayag nito, maaasahan ito sa lahat ng gawain sa opisina.

Kaya kahit minsan naiirita, alam ni Alejandro na hindi niya maitatanggi ang dedikasyon ni Leo—at sa huli, iyon ang pinakamahalaga.

Ramdam ko ang kabuuan ng buhay namin. Lahat ng hirap, pagod, at sakripisyo—lahat ng luha at saya—ay nagbunga ng ganito: isang pamilya na puno ng pagmamahal, tawa, at seguridad.

Minsan, naiisip ko, hindi lahat ng pangarap ay natutupad sa paraan na inaasahan natin. Pero natutunan kong minsan, ang pinakamagandang pangarap ay yung nagbubukas ng puso at tahanan—at iyon ang nangyari sa amin.

Nakaupo ako sa tabi ni Alejandro, hawak ang kanyang kamay habang nakangiti sa anak naming si alessio.

Si alejandro Sa bawat haplos niya sa aking tiyan, sa bawat halik niya sa aking noo, ramdam ko ang walang katapusang pagmamahal at proteksyon.

Hindi perpekto ang buhay—marami kaming napagdaanan, marami pa rin kaming haharapin. Pero sa wakas, alam ko… kami ay buo. At sa bawat araw na dumarating, handa akong mahalin at alagaan ang pamilya naming ito, na walang kapantay sa halaga at saya.

Ang mundo ko ngayon ay simple, ngunit kumpleto. At sa gitna ng lahat, natutunan kong minsan, ang pinakamagandang pangarap ay hindi laging tungkol sa tagumpay o trabaho… kundi sa pagmamahal at pamilya na kasama mo sa bawat hakbang ng buhay.

____THANK YOU, READERS!!!!!_____

SUNMARU